# Whimsical E-book Catalog

*January 2022*

# TABLE OF CONTENTS

**ROSE TAN**

Skip Chronicles 1: Hot and Bothered

Skip Chronicles 2: Fast and Curious

Skip Chronicles 3: Dazed and Confused

Dead Over Heels

Caught Dead-Handed

**VANESSA**

His Body


His Mind

His Heart

His Soul

Her Love

**E-book Menu/Price**




**Skip Chronicles 1:**
**Hot and Bothered**
Rose Tan
E-book | Paperback

# Skip Chronicles 1: Hot and Bothered

Last night, SKIP slept with his best friend, AISLING.

And it was AWESOME!

Now, she was crying apologetically.

“I’m sorry, Skip. I ruined what we had. I wish you’d give me another chance to build this friendship again. That’s all I ask—to be your best friend again.”

MAY BAWIAN?!

Damn. This was worse than being friend-zoned.

He was being FRIEND-SCREWED.

# Chapter 1

*"So I'm saving all my love for youuu!"* Hinugot ni Aisling ang toothbrush sa bibig at dinuro niyon ang reflection sa salamin. "First of all, *ghorl,* wala kayong relasyon. `Wag ambitious sa theme song," aniya, sabay dura sa lababo, tuloy mumog. Deretso siya sa ref pagkatapos, kinuha ang tumbler niya ng lemon water.

*Hydrate. Hydrate. Hydrate.*

Uminom siya ng isang lagok, isinara ang ref, napamata sa electric bill. Pinitas niya iyon sa magnet na etits—pink, sinlaki ng takip ng ballpen, may ugat-ugat pa; free sa inorder niyang panties online.

"Skip! Skip!" tawag niya sa housemate.

Kinalampag niya ang pinto nito. "Skip!" Pinihit na niya ang doorknob. "`Kip?"

Nakaupo sa kama ang lalaki, nakasandal sa headboard, nakataas ang isang tuhod, walang pang-itaas. Ewan niya kung ano ang pang-ibaba, natatakpan ng comforter; ang cell phone nakataob sa kama; makapal na hardbound book ang hawak.

"What?" sabi nito, mukhang inis maabala sa pagbabasa.

Kahindik-hindik pa yata ang istorya, pawisan, eh. Nakakapawis ba magbasa?

"Hindi mo pa binayaran `to?" tukoy niya sa hawak na bill.

"Bayad na `yan."

"Ba't nasa ref pa din?"

"GCash ginamit ko."

"Sure ka?" Ni hindi nagalaw sa etits na magnet ang bill.

"Sure na sure na sure."

"Hindi tayo mapuputulan?"

"Kulit mo." Binalikan nito ang binabasa, binuklat ang pahina.

"Sure ka, ha?" aniyang may pagbabanta bago lumabas. Pero hindi pa niya naiilapat uli ang pinto, napabuwelta na siya. "Akin ba `yan?" turo niya sa lotion na nasa nightstand.

"Hiniram ko lang," sagot ni Skip.

"Gago ka." Dinagit niya ang lotion. "Daming lotion du'n, ito pa kinuha mo. Aveeno `to, mahal `to." Sa special na body areas lang niya ginagamit: singit, siko, kuyukot.

"Malay ko ba? `Yan ang pinakamaliit, eh. `De `yan ang kinuha ko."

"Kasi nga mahal…" Napakunot ang noo niya sa lalaki. "Adik ka ba? Tumira ka?" Pawisan talaga kahit may cooler naman sa kuwarto. Parang asiwa rin. May something.

"Ha?" usal nito, halatang nagpapatay-mali.

Dinuro niya ito ng Aveeno. "May tinatago ka, ano `yan?" Sabay haltak niya sa kumot nito.

"Don't!" may panic na sigaw ni Skip, nakipaghilahan sa kumot.

Tulala na si Aisling. She could not unsee

what she just saw. Kahit natakpan na uli iyon ni Skip ng kumot.

Pulang boxers, may print na maliliit na pusong asul. Hinawi ang isang leg hole at nakadungaw… nakatayo… tayong-tayo ang pag-aari nito. All of it! Mula dulo hanggang betlog na mukhang namamaga rin.

Hindi ito nagbabasa. He was jacking off!

"Kulit kasi," narinig na lang niyang sabi ni Skip. Bumaba ito sa kama.

Doon napaatras si Aisling. Baka hawakan siya. Baka nakatayo pa. Baka galit pa.

"Bad trip ka kahit kelan, `no?" sabi pa ni Skip.

Katal ang labi ni Aisling. "L-L-Lotion ko pa ginamit mo, hayup ka." Iyon pang mamahalin. "Bakit kasi?" sigaw niya bigla.

"Ano'ng bakit?"

"Ba't ka nagjajakol diyan?" Napapadyak na siya sa inis, sa gulantang.

"Saan ba dapat? Sa labas?"

"Kumot ko `yan! Bed sheet ko `yan!" turo niya sa kama. Pinalayas ito ng live-in partner

two months ago. Ni hindi ipinag-empake ng mga gamit kaya dumating sa condo niya ang lalaki na sarili lang ang dala. Nakuha naman nito ang mga damit a few days later, pero damit lang. Walang kumot, tuwalya, et cetera. “Hindi ka man lang nag-condom!”

“Magjajakol, naka-condom?!”

Kandatiyad si Aisling. “Para hindi ka magkalat! Labhan mo `yan! Lahat!”

Hinawakan siya ni Skip sa ulo, pushing her down, “Baba ka, kakatakot ka, eh. Para kang tikbalang na gutom.”

“Iiiiiih! Don’t touch me! Wash your hands!”

Ash-ling ang tamang bigkas sa “Aisling,” hindi Ays-ling. Iyon ang ugat kung bakit hanggang ngayon, hirap itong makibagay sa lipunan. Kung hindi mabigkas nang tama ang pangalan mo mula nursery, maa-others ka talaga.

Iyon ang theory ni Skip pero baka naman

mali siya. Baka naman iyong apelyido ni Aisling ang salarin kung bakit kakaiba ito sa lahat.

Vatutin.

Russians na napadpad sa Ireland ang mga ninuno ng tatay ni Aisling, na natipuhan naman ang Pinay niyong caregiver, pinakasalan, at sa edad na seventy-three, nakabuntis pa si Vladimir Vatutin. Pero dahil may tama na ang atay niyon at alagain na nga, pagkasilang ng anak, iniuwi ng ina ang sanggol sa Pilipinas para ipaiwi sa mga kapatid.

Noong una niyang makilala ni Aisling, akala ni Skip, transgender na foreigner, o tibo. Five-nine ba naman, maskulado. Pinauna na niya sa pila sa Jollibee. Halatang *hangry* na, baka siya ang lamunin. Five-nine din naman siya, lagpas pa nang kaunti, but Aisling seemed to tower over him. Nang umorder ito at marinig niya ang boses, nagulat siya. So he studied her some more. Ah, babae.

Maliban sa boses, wala nang ibang

"feminine" kay Aisling. At first, Skip thought it was because she was all planes and angles, walang soft curves. Pero hindi. Bakit si Sandra Bullock, kamukha na ni Michael Jackson pero may dating naman sa kanya?

So he therefore concluded, hindi iyong kuwadradong panga at balakang ni Aisling ang salarin. It was her aura. It lacked… *sexy*. At twenty-six that time, he knew enough to figure that a woman's attractiveness is directly proportional to her interest in the beholder. Aisling simply wasn't interested in him. Napatingin ito sa kanya saglit, and that was it. Hindi kumislap ang mga mata, hindi naghagod ng buhok, hindi tumayo nang tuwid. `*Lampake* in her ripped jeans, black U2 T-Shirt at tsinelas.

Skip recalled looking at Aisling's feet. Parang mas malaki pa sa mga paa niya. Mabuto. Maugat. Ganoon din ang mga kamay at braso. She exuded power and strength. Si Aisling ang totoong Amazona para kay Skip. Ito ang mainam kakampi `pag

nagka-*zombiepocalypse*. He imagined her brandishing a battle axe, zombie heads flying and rolling.

Nevertheless, he thought she was just one of those unlucky people we all observe and judge while waiting in line, forgotten afterwards. Fate decided it shouldn't be so.

Wala siyang maupuan pagkaorder. Pero si Aisling, solo iyong table for two na para dapat sa mga naghihintay ng take-out orders. No choice. Bitbit ang tray, nilapitan niya ang babae.

*"May nakaupo?" tanong niya.*

*She kind of shrugged. He sat down opposite her.*

*Medyo nagba-brown ang buhok ni Aisling, walang style, hanggang balikat, hati sa bandang gitna, nakasipit sa tainga. Noon lang rin nakakita si Skip ng freckles na may kaunting mukha. At kung 'kilay is life,' hingalo na ang babae. Hindi sa manipis, kundi napaka-light lang ng buhok, kakulay na ng balat kaya parang invisible.*

*"May problema ka sa mukha ko?" sabi nito. Pahiya naman si Skip. He wasn't aware he'd been staring. She was kind of hypnotic.*

*"W-Wala naman. Sorry. I'm Skip."*

*Binuksan ni Aisling ang cell phone case, hinugot ang nakasipit doong driver's license, ipinakita kay Skip.*

*He read her name aloud, "Ash-ling Vatutin….Vatutin? As in,* 'pen-pen de sarapen de vatutin*?'"*

*She was surprised, "Wow, how'd you know how to pronounce my name right?"*

*"YouTube." Video ng American na confused sa pronunciation ng mga pangalan ng north Europeans.*

Over value meals, they chatted, became instant friends. Aisling may not be *jowable* but she was fun to talk to. Hindi ito self-conscious dahil nga, walang layunin na lumandi nang palihim, so it was such a breeze. Dahil wala rin siyang layuning landiin ito. He was just… himself. Walang pa-cute. Walang pa-impress. It was a novel experience for him.

But Aisling was leaving for Ireland that week to see her mother. Hindi ito nakita uli ni Skip nang ilang buwan pero nagkakabalitaan naman sila sa Facebook and the like. Kaway-kaway lang. She wasn't chatty, too.

Pero nang bumalik si Aisling, they started hanging out. Their friendship was low-key and not demanding. Sometimes he wondered if they really were friends. Or maybe, that was how friendships should be. Anyhow, he liked that he could hang out with her and not make his girlfriend at that time jealous.

Hindi kaselos-selos si Aisling. She wasn't most Pinoys' idea of pretty. Mukhang bakla, astig, maton, iyon ang mga description kay Aisling. Pero ngayong magkasama sila sa bahay, almost two months na, nasusumpungan na lang ni Skip ang sarili na napapa-wish upon the star na *sana oil* women, katulad ni Aisling.

Oh, she had her moods, too. Ang pagkakaiba lang, hindi siya pinanghuhula ni Aisling. She simply tells him straight if things

aren't okay with her. She seems to be in control of her emotions. Dahil siguro kalahi ni… Putin.

Kaya naman wala siyang balak maghanap ng ibang matitirahan. Noong una, nakikituloy lang talaga siya, pero naisip niya rin agad na perfect na ang Pasig condo ni Aisling, a gift from her mom. Inalok niya ito na siya na lang ang magbabayad ng koryente at tubig, pero hindi na siya magbabayad ng renta sa pagtira niya roon. Isama na raw niya ang internet and they have a deal. Shoot.

Laking mura pa rin kaysa kung uupa siya ng sariling condo o apartment. Nadagdagan na agad ang ipon niyang pambili ng truck. Lagi pang may pagkain dahil mahilig magluto si Aisling. Magluto at mag-bake. Unbelievable dahil nga mukhang ilalampaso si James Bond sa mano-mano.

At kanina, mukhang siya ng gustong ilampaso. He cringed. Huwag naman sana siyang sipain ni Aisling sa bahay matapos ang kanyang faux pas.

*Yaikks.*

Hindi na talaga niya kalilimutan mag-lock ng pinto, may balak man siya o wala. Wala siyang balak kanina pero masasabi mo ba ang bugso ng damdamin at imahinasyon? Malay ba niya na biglang magpo-post ng selfie si Kaylin, that sexiness personified upstairs?

Selfie na nakatalikod sa salamin, kita na ang puwit sa iksi ng shorts… kinain na ng puwit ang pundyo… puwit na bilog na bilog, makinis na makinis sa filter… sarap dakmain, lamasin hanggang mamasa-masa na at umuungol na si Kaylin… gusto na… gustong-gusto na… lumalaban na ng laplapan… dinukot na nito si Junjun… pinisil… sarap…

Bigla na lang bumukas ang pinto. Buti na lang nakapagkumot agad siya, kaso, nahuli pa rin.

Shit. Bitin.

Hinango niya sa dryer ang mga nilabhan. Ipinagpag niya ang mga bedsheet at kumot at tiniklop nang maayos sa abot ng kanyang

makakaya. Maarte rin sa tupi si Aisling, kailangan kapantay niyong mga nasa cabinet. Kailangan hulaan niya nang tama ang sukat ng tupi dahil hindi naman sinabi kung ano ang length at width nang tanungin niya.

Bitbit ang laundry basket, umakyat na siya pabalik sa condo. Nasa sofa si Aisling, kumakain ng ice cream, bagong ligo, basa pa ang buhok, naka-sandong orange at itim na cycling shorts. Mukha ring sa siklista ang legs. Pagkahaba at maganda na sana kung hindi lang namumukol ang calves. Nakaka-insecure ang calves nito, sa totoo lang. Ang sa kanya ay kailangan pang i-workout para hindi naman siya mukhang Johnny Bravo—laki ng kaha, liit ng binti.

"Ka-chat ko si Nini," sabi ni Aisling, tumango sa cell phone na nasa coffee table.

*Uh-oh.*

Ibinaba ni Skip sa dining table ang laundry basket, "Ano *sabe*?"

Nini was the girlfriend who threw him out. More than a year silang may relasyon,

five months doon, magkasama sila sa condo. Malungkot din naman noong umpisa silang magkahiwalay. He missed sleeping next to a warm body. But at some point, he had to admit that he was in fact happier sleeping alone; sleeping without hurt; sleeping without fear na bigla na lang may kikislap na camera sa mukha niya.

He shook his head. He didn't want to go there anymore. Ang importante, he was now free to do whatever he wanted in bed. No more guilt. Just freedom.

"She threw you out because you've gotten too horny," sagot ni Aisling, sinupsop ang kutsara.

"Told you. Irreconcilable differences." Hinango niya sa laundry basket ang mga damit.

"Okay lang naman daw sana, kaso—"

"Sa'n ko ilalagay mga towel?"

"Alam mo kung saan `yan nakalagay, `wag mo baguhin ang usapan. Hindi pa ako tapos. Sabi ni Nini, hindi naman daw pala siya ang

pinagnanasaan mo. Mas gusto mo pang… uh… umm… mag-sariling sikap," she said it matter-of-factly. Mukhang naka-recover na sa sampal ng katotohanan, that people do pleasure themselves. That got him wondering about Aisling….

"That's not true," tanggi niya. At ayaw man niyang isipin ang naiisip pero naiisip pa rin niya. What about Aisling? Tao din naman ito kaya malamang, she engages in "self-love," too. How does she do it? What goes on in her mind when she does it? His groin stirred just thinking about it.

*Oh, no. Don't.*

Sinasabing may "ulo" rin ang etits hindi dahil mukha iyong ulo, kundi talagang ulo iyon in the real sense of the word. Nag-iisip o mas tamang sabihin na may sariling isip. He knew for a fact that even quadriplegics—iyong mga lumpo mula sa leeg pababa—are still capable of erection and can sire children. They just need a different kind of stimulation. Pero para kay Skip, patunay iyon na ang etits

niya ay nag-iisip mag-isa kaya kahit pigilin niya, kahit sabihin niyang off-limits si Aisling, pumipitik-pitik pa rin.

Matigas ang ulo.

“Nakikipag-chat ka pa daw ng kalaswaan sa ibang babae. Kadiri ka,” sabi pa ni Aisling. “May girlfriend ka na, hindi ka pa kuntento. In-screenshot ni Nini mga convo mo.”

Skip cringed once more. Hindi niya kayang ipaliwanag ang aspetong iyon ng pagiging lalaki na hindi siya magmumukhang “manyakis.” Idagdag pa, that his other head was now keen on helping Aisling pleasure herself. Minsan, sumpa talaga ang pagkakaroon ng malawak na imahinasyon.

“Ano nangyayari sa `yo? Look at you—” Tumayo si Aisling at lumapit sa kanya.

Napatingin nga si Skip sa sarili. Yellow muscle shirt na may mantsa ng pizza sauce ang suot niya, shorts na asul, tsinelas.

“Ikaw ang huling lalaki na iisipin ko na magtsa-chat sa isang babae ng ganu’n. You look so… so… so normal. Decent.

Harmless."

"Harmless?" No man since the beginning of time would want to be described as 'harmless.' "Tingin mo sa `kin, harmless?" Incapable of inflicting harm, not threatening, safe. Boring.

"Yes. Harmless," tango ni Aisling, pinisil pa ng kaliwang kamay ang pisngi ni Skip. She was also ambidextrous, meaning, walang pinapaboran na kamay. Kaliwa o kanan, pareho ang lakas. "Para kang altar boy sa bait ng pagmumukha mo, para kang tuta makatingin…" Natigilan ito, ipinaling kaliwa at kanan ang mukha niya. "Shit, walang pores. Ginagamit mo rin toner ko, `no? Leche ka talaga!"

Napa-"oooooof" na lang si Skip. Sinaksak siya ni Aisling ng kutsara sa tiyan. And he was wrong to think that she had gotten over his faux pas.

"Hindi ko na alam ang gagawin sa `yo," talak pa ng babae, nagmatrsa pabalik sa sofa, dinampot ang ice cream tub. "I don't know if

I can live with someone who masturbates a lot. I know you do it a lot. Kinuwenta ko `yung mga nabawas sa mga lotion ko and you're about four inches, give or take—"

"Four?" bulalas ni Skip. "I'm six inches!"

"I know what I saw and my estimates aren't really estimates because they're always accurate."

Yup. Kaya nitong tupiin ang mga damit na kapantay ng mga nakapatas sa aparador kahit hindi sinusukat.

"Okay. Five." Aisling rolled her eyes, ate more ice cream, and said, "So, ipagpalagay na, na kada session mo, base sa size mo, kukunsumo ka ng half a teaspoon na lotion. Binase ko na lang ang kuwenta du'n sa isang lotion na alam kong hindi ko pa ginagamit pero halos ubos na. Eight-hundred fifty ML `yun, nasa eight hundred ML na ang nabawas."

"Sinukat mo talaga?!"

"At kulang-kulang five ML ang isang teaspoon. Eight hundred ML divided by five

ML, divided by the number of days you've been here which is forty-nine. You are jacking off an average of three point two-six times a day. That's a lot."

It was Skip's turn to roll his eyes.

"Sigurado ka naman na araw-araw ko `yun ginagawa?" aniya.

"Araw-araw may selfie si Kaylin. Alam ko, malaki ang pagnanasa mo du'n kaya hindi na `ko nagulat na siya ang tsina-chat mo. And you're using a phony account na nalaman rin ni Nini."

*Oh, well.* Mahihiya kay Nini ang operative ng Mossad sa galing mag-imbestiga dahil trained ito ng nanay, mga tiyahin, at mga kapitbahay na tsismosa since childhood.

"What I don't understand is how a woman like Kaylin could turn a guy like you into a sexual predator."

"Sexual predator." Kanina harmless, ngayon predator na siya. "Hindi ka lalaki kaya hindi mo maiintindihan."

Dinampot ni Aisling ang cell phone sa

coffee table, may hinanap at iniharap kay Skip ang screen. "Look at that. She's just sitting there, sipping her milk tea, `tapos ang comment mo as Daniel Crown, *'Wow, sherep nemen'* na all caps. Alam naman natin na double meaning base sa mga nauna mong chat."

My Day iyon ni Kaylin. Nag-reply naman ang babae sa react niya: *"Want some?"* To which he replied: *"GIVE IT TO ME ALREADY.*"

May kasamang twerking GIF ang sagot ni Kaylin: *"SPANK ME DADDY."* Iyon ang simula ng lahat.

"Alam mo ang pinakakadiri dito sa mga convo n'yo?" sabi pa ni Aisling.

"Uh, my dick pic?"

Nalukot ang mukha ni Aisling, "Ewww, kadiri din nga `yun pero may mas kadiri pa du'n."

"My dancing nipple video?"

Napamata si Aisling, laglag ang panga. "Pati utong mo, feeling mo, kanasa-nasa?"

"Gusto mo makitang sumasayaw?" Itinaas ni Skip ang muscle shirt.


"She calls you 'daddy,'" sabi ni Aisling. Ibinaba ni Skip ang damit.

Nagpatuloy si Aisling, "Alam naman natin na daddy rin ang tawag niya sa papa n'ya. Kilala mo naman ang daddy n'ya, how respectable the man is, how… honorable… how decent. `Tapos ang chat niya sa `yo, *'Suck me, daddy. Give it to me, daddy.'*" Mukha nga itong deeply bothered.

And Skip suddenly realized why. The *predator* in him laughed, *BWAHAHAHA!* Alam na niya para hindi siya palayasin ni Aisling. Bakit nga ba hindi agad niya naisip?

***Available:***

E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee




**Skip Chronicles 2:**
**Hot and Bothered**
Rose Tan
E-book | Paperback

# Skip Chronicles 2: Fast and Curious

Sa takot matuli, namangka si Skip at nakarating sa isang isla. Iniligtas niya doon ang isang engkantada. He was ten years old.

Twenty years later, nagkita silang muli ng engkantada. Her name is Karina and she is as mysterious as ever.

Determinado si Skip na tuklasin lahat ang mga sekreto ni Karina. It meant "stalking" her.

Psycho Skip.

No stealing her panties, he promised.

# Chapter 1

"C'mon, Ma! C'mon, C'mon!" Skip was running backwards urging his fifty-five-year-old mother to run the last five yards. Anim na buwan na silang tumatakbo tuwing umaga at nabawasan na ang timbang nito, nagkaroon na uli ng definition ang panga, lumiksi. Kung hindi sa buhok nitong mostly gray dahil nasa lahi raw nila ang maagang pagputi ng buhok, masasabi niyang bumata nang may sampung taon ang ina. O baka mahigit pa dahil parang bumalik ito sa dating anyo—noong bago siya tubuan ng resentment sa parenting style nito. Iyong anyo nito noong kahit saan ito

pumunta, nakasunod siya. Iyong anyo noong nangungutong pa siya.

Yup. There was a time when he adored his mother so much he wanted to marry her. The idea that he was supposed to marry another woman was unacceptable, it would always result to a massive meltdown. Epic tantrum. He wanted his mama, period.

Those were the first seven years of his life.

Skip didn't stop loving his mother, of course. Kaya siguro "first love never dies," dahil nga mama niya ang kanyang first love. What he resented later on was his mother's overprotectiveness, her incessant worrying about him, her burning desire to control his life, and her superhuman ability to embarrass him in front of the people who mattered to him.

Iyon bang kinse anyos ka at kasali sa liga sa village; habang ang teammates mo ay ipinagtsi-cheer ng mga jowa, ikaw ay tinitilian ng Mama mo na may dala pang tarpaulin na may mukha mo—hindi ka pa nakaka-shoot

sa lagay na iyon. Mama mo rin ang tagapunas ng pawis mo gamit ang bimpong may burda ng pangalan mo. May dala pa itong extra jersey na pamalit mo—dalawang sets ng uniform ang ipinagawa niya para sa iyo.

Iyong first time na nag-sleepover ka sa edad na disisiyete at malalaman mo na lang na iyong backpack mo, may lamang Tupperware ng adobo at kanin na iyong takip, may naka-tape pang note: *MIDNIGHT SNACK. BE A GOOD BOY*. At kalakip niyon, may printout ng article tungkol sa AIDS at drug abuse.

Katakot-takot na kantiyaw ang inabot ni Skip noon. Dagdag pa iyong briefs niyang puti lahat at plantsadong-plantsado, may liston.

*Oh, my Mama.*

But now, his mother simply looked like the woman he adored as a little boy—except that she was panting hard and could not seem to run anymore, which was worrisome.

Huminto si Skip sa gate nila at binuksan ang kandado niyon. Anim na buwan na silang

tumatakbo kaya na-develop na ang endurance ng kanyang mama, nakakatatlong ikot na ito sa buong village. `Tapos ngayon, bigla itong nanghihina?

"Ma? Okay ka lang?"

Tumango ito, itinuon ang mga kamay sa mga tuhod.

Nilapitan niya ang ina, hinagod sa likod, "Okay ka na?"

"Luluwas ka na agad," sabi nito.

*Ah, kaya pala nanghihina.*

Skip should have known, but that pandemic had changed even the way he'd usually think. Ang ordinaryong hingal, worrisome agad. But that forlorn look in his mother's face wasn't illness. It was her default look tuwing luluwas siya.

"Kailangan, Ma. Marami akong aayusin sa condo."

It had been eighteen months since Aisling left to visit her mother in Ireland and it was her who told him about the pandemic before it was announced. Ila-lockdown daw ang

buong mundo, he had to stock up on the essentials bago pa mag-panic buying ang mga tao at magkaubusan ng supplies.

At first, ayaw maniwala ni Skip. Pandemic? Nah. Nasa China naman ang virus at noong nagkaroon ng SARS outbreak at sa pagkakatanda niya, hindi naman apektado ang Pilipinas.

But Aisling was adamant. She had analysed the data: the virus was spreading fast. Chinese from Wuhan were all over the globe by then, it was just a matter of time, she said. And he must wear a mask.

Aisling begged him to listen to her. Hindi pa ito nakuntento na tumango lang siya, kailangan niyang magpakita ng pruweba na nagsya-shopping na siya at nakamask. So Skip raided the nearest supermarket while on video call with Aisling.

Si Aisling din ang nagsabi na since maku-quarantine sa kanya-kanyang bahay ang mga tao, isasara ang mga opisina. Everybody would be cooking and eating at home. Skip

was initially glad at the business opportunity. Tinawagan niya ang lahat ng contacts, namili ng sako-sakong bawang at sibuyas; harina na direkta niyang kinuha sa flour mills; asukal, bigas, mantika. That was on February and by midMarch, nagkatotoo ang mga sinabi ni Aisling.

Pandemic.

Tumigil ang mundo.

Hindi kapani-paniwala.

People were getting sick. People were dying so fast.

People were also cooking and baking as Aisling predicted. By April, naubos na ang harina ni Skip at wala na siyang makuhanan. He was also getting terrified of going out and catching the virus. He was terrified for his parents. Limitado ang puwede niyang puntahan kaya hindi siya makauwi sa kanyang mama.

His father's ship could not dock anywhere. His mother was always calling and crying, feeling all sorts of symptoms. Nagte-text na

ito ng mga huling habilin.

*Ito ang PIN ng ATM ko, anak. Trinansfer ko na pera dyan para mawidro mo agad. Hindi daw mawiwidro over the counter pag may nangyari sa akin.*

*Nasa cabinet mo mga withdrawal slips na pinirmahan ko na. Widrohin mo agad iba pang pera bago malaman sa bangko na wala na ako.*

*Hindi pa din kita pababayaan, anak. Magmumulto ako pag may umapi sa yo. Sumpa yan. Mahal na mahal kita anak ko.*

Skip was drowning in anxiety.

If only Aisling was with him…

"Bakit kasi doon ka pa rin tumitira? Pagkatapos ng ginawa sa `yo ng babaeng `yon?" Nakaismid ang kanyang mama.

"Libre nga kasi."

Matagal nang fully paid ang condo ni Aisling kaya utilities lang ang binabayaran ni Skip monthly. Ang sabi din ni Aisling, he could live there for as long as he wanted.

"Kaya mo namang maghulog ng sarili mo. `Yong totoong bahay, hindi condo-condo na

hindi naman sa `yo ang lupa. Mag-apply ka sa Pag-IBIG, maraming `pinapasalo dito, hindi na mabayaran."

Iyon talaga ang gusto ng kanyang mama: ang doon na rin siya tumira sa subdivision nila.

"Saka na, Ma. Wala pa naman akong ibabahay."

It was May twenty-twenty when Aisling told him her mother got the virus. Posibleng nahawa na rin ito kaya naka-isolate. She could not even see her mother. She was a mess and had been crying nonstop. Skip never felt so helpless and useless. He couldn't even touch Aisling. He could not hold her and tell her things were going to be fine. And what if Aisling got the virus, too? Everyone knows for a fact that even young, healthy people succumb to the virus. What if Aisling got the virus and she didn't make it? She'd suffer alone. Die alone. She will be cremated at once.

Magiging statistic na lang ito.

Ironic. Aisling loved statistics.

Pero kay Skip, there's no way Aisling would just be another number. She was the woman he loved. She was his bestest friend. She gave so much meaning to his life. She was happiness.

Then by June of that awful year, medyo lumuwag ang quarantine guidelines. He went home because his mother needed him and it was selfish of him not to be with her. He should be with his mother. Lalo at sa isang iglap, puwede talagang mawala ang mga mahal niya sa buhay.

Ang sabi ni Aisling sa mahabang-mahaba nitong email:

*My father never knew how much I cared. He never knew how much I loved him. Because I never told him. Don't make the same mistake, Skip.*

Nahirapan siyang pakisamahan uli ang ina. Ang kulit kasi. It took many months for them to agree on some things: kakain siya sa tamang oras, magdya-jogging naman ito

kasama niya tuwing umaga. Amazingly, they since bonded again.

“Kailan ka uli uuwi?”

“Gano’n pa rin. Sabado or sa Linggo. Saka nandito na si Papa, ano’ng `pinagmamaktol mo?”

Nang matapos ang pandemic five months ago, isinabay na rin ng kanyang papa ng pagre-retire. Magnegosyo na lang daw silang mag-ama. Na-overcome na nito ang frustration sa pinili niyang hanapbuhay. His father wanted him to be a lawyer or a doctor, definitely not an online seller. Sa mga mamahaling private school siya nagtapos, hello?

But life was short, the pandemic taught his father that. Just love and appreciate the people you love. Nagbukas sila ng meat shop sa bukana ng subdivision. That kept his father busy.

Itinulak ni Skip ang gate at pinaunang pumasok ang ina. Huminto ito.

“Ikaw ang inaalala ko.”

“Okay lang ako, Ma. `Wag ka nga sabing mag-iisip ng kung anu-ano para hindi ka hihingal-hingal d’yan.” Kapag nagha-hyperventilate kasi ito dulot ng anxiety, pati siya nagpa-panic.

KARINA SIMPLY ACCEPTED HER FATE AND LEFT the past behind, thinking it was the best thing for her. Naibangon naman niya ang sarili. Napalago niya ang tahian na nagsimula sa isang segunda-manong makina at tatlong kilong retaso ng mga tela.

May kapitbahay silang modista noon, si Lola Kunos, at suki nito ang kanyang mama. She grew up watching the old woman turn those fabrics into dresses, curtains, bags, and pillow cases. As a child, she was fascinated. Gustong-gusto niyang matuto ring manahi sa makina. Lola Kunos happily taught her one summer.

Noong teenager na si Karina, namatay si Lola Kunos at nawala na rin ang fascination

niya sa pananahi. She was into boys and rock bands and, well, studying. She went to a good and expensive school, finished college. But just when her dreams were at her fingertips, her whole world fell apart. She lost everything.

Hindi na niya puwedeng balikan ang propesyon. She had to stay underground. Paano siya magsisimula?

Lola Kunos' words saved her. "`*Pag maalam ka manahi, mabubuhay ka.*"

Nanahi si Karina ng mga simpleng blusa, daster, pajamas, at shorts mula sa mga ikinikilong tela. Inialok niya ang mga iyon sa mga tindahan ng damit sa mga palengke.

Twenty years later, there she was, driving her own car, going home to her own house. She was financially secure. She had money she couldn't possibly spend in this lifetime dahil wala naman siyang dependents. She was alone.

Then the pandemic happened.

It was life-changing for her but not in the

way it was life-changing for most people. The first months of the pandemic, like everyone else, she was just idling around the house, walang magawa kundi manood ng TV, mag-internet, at mag-alala sa mga mananahi niya. Kailan sila makakapagsimula uli? Kung may ipon man ang mga ito, hanggang kailan lang tatagal? And they were her responsibility.

In a way, ang mga mananahi na lang ang pamilya niya. Sinisiguro niya na may bigas at groceries ang mga ito, binibigyan ng allowance monthly. Still, she worried. Paano kung may magkasakit sa mga ito?

Sana siya na lang.

She could die anytime. Wala naman siyang pamilya. Walang malulungkot. Walang masasaktan.

Iyon ang iniisip noon ni Karina kaya wala sa loob na naclick niya ang YouTube video sa news feed niya. Hindi siya mahilig mag-Facebook—her only social media account. Ni hindi niya ginagamit doon ang totoong pangalan. Lalong wala siyang pictures doon.

Mabibilang sa mga daliri ang pagkakataong nagbukas siya ng FB at hindi rin siya nagbababad. Yeah, she was one of the clueless titas.

Pero maski ang mga kagaya niyang walang pakialam whether she lived or died, tinamaan pa rin ng inip during lockdown. She found herself posting pictures of her coffee cups—of all things—and scrolling through her newsfeed.

Mga mananahi, emplayado, at customer ang mga kaibigan niya sa Facebook. And her sudden online presence amused them.

*Pigilan nyo c mam, baka mag-tiktok*

*Mam, troll po yan, wag mo pansinin*

It was during one of those times that Karina saw the *video*. It was already a month old and had close to a million views. It was from a YouTuber/influencer: a young man urging his fellow influencers and followers to donate, donate, donate to his *#SupportOurFrontliners* project.

The beginning of the video showed clips of

nurses and doctors appealing to everyone to wear masks, practice social distancing, make handwashing a habit, stay home. Karina felt a tug at her heart watching those hospital workers. Her heart went out to them so she decided to watch the video in its entirety.

And then she saw him.

Matt.

The pandemic was life-changing because now, she had something… someone to live for.

So she made sure she wouldn't catch the virus. She patiently stayed home, waited and prayed for a vaccine, all the while getting all the information the Internet had to offer about that handsome young influencer and his family.

Karina stopped at the red light just when her phone pinged: a notification from one of the dating sites she had installed. She checked the message. It was from a young man. The age was right—thirty, kung totoo man. But that was a gamble, kaya pinagkrus na lang

niya ang mga daliri.

Then she quickly typed a reply: *I WANT TO SEE YOUR BODY. SEND NUDES. NO CHEATING PLS.*

Four… three… two… one… naging green ang traffic light. She drove on. Her phone pinged again. Sa kasunod na stoplight niya iyon tiningnan.

Hubad na picture iyon ng lalaki, kasama ang mukha. There was the obligatory abs—and erection, something she couldn't explain. These guys get erection on command? O may stock photos ng ganoong selfie sa phone? The latter needed an explanation, too.

Sinipat niya nang maigi para matiyak na hindi iyon Photoshopped kahit hindi naman talaga siya makasisiguro, gaya ng hindi rin siya sigurado na hindi kinuha lang sa kung saan ang picture at hindi iyon ang kausap niya.

It was a long shot.

But the guy responded to her keywords. So maybe, just maybe…

"Nope," aniya at *binlock* na agad ang lalaki.

*Another one bites the dust,* Queen sang on her car stereo. CD ang nakasalang doon, mula pa sa mga collection niya.


Nila.

She sighed.

Karina would give her strategy a few more days. Kung wala pa ring mangyayari… Well, there were other ways.

***Available:***

E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee




**Skip Chronicles 3:**
**Hot and Bothered**
Rose Tan
E-book | Paperback

# Skip Chronicles 3: Dazed and Confused

Peace of mind para kay Diana. Iyon lang ang gusto ni SKIP kaya hinanap niya ang pamilya ni Clarisse Marco.

Pero inner peace niya ang nangatal.

His seemingly futile search led her to Rocky, who was—surprise!—a girl.

Blue-haired and broke, Rocky Girl claimed to be Clarisse Marco's niece.

At may hatid itong pasabog: Clarisse Marco was very much alive.

Hindi kapangalan, hindi impostora. Si Clarisse Marco mismo na pinaniniwalaan nilang patay na.

Skip obviously didn't find what he was looking for.

And when someone close to Clarisse died horribly, Skip grudgingly teamed up with Rocky Girl to search for truth, justice, and the best whitening soap for his oh, so gay son.

# Chapter 1

Dumilat si Skip, nagising sa alarm ng cell phone. Kinapa niya iyon sa may unan, sa uluhan niya nakuha, nakasiksik sa pagitan ng mattress at headboard. He swiped the sound off and placed the phone under his pillow. Umayos uli siya ng higa. Inaantok pa siya at hindi naman niya kailangang gumising nang maaga. Natigilan siya. That was precisely the reason kaya hindi siya gumagamit ng alarm.

He didn't remember programming the alarm. Bakit siya maga-alarm, hindi naman niya kailangang gumising ng— napamulagat siya sa dilim—three AM.

Kinuha uli niya ang cell phone para makasiguro. Alas-tres nga ng umaga. Nawala na ang antok niya. He tapped the clock icon. Wala nga siyang in-schedule na alarm. Bakit nag-alarm? May glitch?

May iba pa bang eksplanasyon? Medyo nanghihingi na nga ng kapalit ang cell phone niya. Before Aisling pa sa kanya ang phone, how about that? Parang BC at AD.

Si Nini pa ang girlfriend niya nang i-upgrade ng Globe ang plan niya and gave him a new phone. That was December, he remembered. December AN—Anno Nini o December BA— Before Aisling? But that would also make it BD—Before Diana: *preaislingic.* Ang pangit pakinggan. *Predianic…* mas maganda.

*Predianic* era pa ang cell phone kaya nagloloko na. The last time he set an alarm was… a billion years ago, given the context of his three AM thoughts. Noong newly graduate siya at nagtrabaho sa bangko. Sa new accounts siya in-assign. He was a fresh-faced

one-celled organism that time.

In less than a year, Skip evolved and left the job. It wasn't for him. Araw-araw, gigising nang maaga, bibiyahe, and hopefully in twenty years, siya na ang manager ng branch. In twenty years. And even after that, kailangan pa rin niyang pumasok araw-araw hanggang middle age.

Nope. No, thanks.

Bago mag-resign, kinopya niya ang mga email address, home address, at phone numbers ng mga kliyenteng nakasalamuha niya. Hindi niya alam, to this day, kung ilegal ang ginawa niya or what. Ilegal siguro dahil hindi siya nagpaalam at confidential ang mga impormasyong tinangay niya.

Hindi niya naisip iyon that time, being a one-celled entity and all. He was truly innocent, and, all right, stupid. Kagaya lang noong grade two siya. May test sa Social Studies, mga rehiyon sa Pilipinas. Kailangang sauluhin. Naisip niya, bakit pa niya sasauluhin kung puwede naman niyang ilista

sa kapirasong papel at silipin kapag test na. Inilista niya sa karton ng pad paper. Mas madali sa ganoon, naisip niya. Hindi na niya kailangang magbuklat ng libro at notebook.

Nakita ng kanyang mama ang ginagawa niya. Ano raw iyon? Bakit sa karton siya nagsusulat? He explained his brilliant plan.

Namutla ang mama niya.

Kodigo raw ang ginagawa niya. Mandaraya siya sa test. And that was very, very wrong.

Fine. Skip abandoned his brilliant idea. Hindi rin niya naalala nang nakawin niya ang data ng mga kliyente. Gusto lang naman niya ng prospective customers. At wala namang nagreklamo ni isa sa mga iyon nang padalhan niya ng emails at tawagan. They all entertained him. They were happy to support his venture into selfemployment.

They encouraged him. They gave him referrals. Hanggang ngayon, kaibigan pa niya sa FB kahit malaki ang tanda sa kanya.

All is well, period.

Bumangon na siya at nagpunta sa kusina. Nagmumog habang hinihintay kumulo ang tubig. Nagtimpla siya ng three-in-one coffee, at dinala ang mug sa maliit na terrace ng townhouse. Kanugnog iyon ng kuwarto niya.

He sat on his fake rattan recliner, sipped his coffee, and watched the cityscape. Madilim pa. Ang mga bituin ay iyong mga ilaw sa mga building at billboards. Kung nanatili siya sa trabaho sa bangko, na-promote naman na siguro siya by this time. Still, would he be sipping coffee at three AM in his own terrace, in his own townhouse?

Probably not.

Two months na simula nang umalis siya ng condo ni Aisling. Two months na siya sa sarili niyang townhouse. Hindi rin naman kalayuan sa condo, nasa Pasig din. Hindi naman niya pinlanong bitawan ang rent-free condo. Ang sarap kaya na hindi nagbabayad ng renta. But Jane, Diana's BFF, decided to sell her townhouse dahil nag-decide na ring magpakasal sa long-time boyfriend, a retired

FBI agent.

Skip met the guy, noong birthday ni Miss Jane; a huge man in his sixties, six-four, built like a linebacker, may makapal na bigote, nakilala ni Miss Jane sa Palawan years ago.

Ang kutob ni Skip, ayaw lang magpakasal ni Miss Jane noon dahil ayaw iwan si Diana. Pero ngayong kasama na ni Diana si Matt and her real parents, puwede na nga namang iwan. Miss Jane and her now husband planned to spend the rest of their lives sailing. The husband, Tim Morrow, bought a boat at ewan kung nasaan na ngayon ang mag-asawa.

Si Diana ang bumanggit kay Skip ng tungkol sa townhouse. Kung hindi raw niya kukunin, ang babae na ang bibili dahil maganda ang location, Pasig. Pero siyempre, aminado si Skip na hindi niya kayang bayaran nang buo. Si Diana na raw ang bahala kay Miss Jane.

True enough, Miss Jane, bless her, simply accepted the down payment he could afford. Pumayag din sa kung magkano ang kaya

niyang ibayad monthly.

*"Makakabayad ka rin balang-araw,"* tatawa-tawang sabi ni Miss Jane.

Malamig na ang kape kaya ini-straight na niya ang natitira sa mug at pumasok sa kuwarto. He changed into running clothes and went out on a bike. Sa CCP Complex siya nagpunta, ikinadena sa isang tabi ang bike, then started running. He had to maintain his, *gosh,* runner's physique.

Maliwanag na nang maka-twenty-five kilometers si Skip—or the equivalent of that. After he had cooled down, he pedaled back to his Pasig neighborhood, nag-almusal sa paborito niyang carinderia, just a few blocks from his townhouse.

Bulalo at pritong tilapia sa maanghang na sawsawan. Nakatatlong kanin siya.

"Hoy, Skip! Nandiyan ka pala!" si Aling Maritess, hinampas pa siya sa balikat.

"Kanina pa ho," sagot niya sa usyuserang kapitbahay.

"May bisita ka!" Laging padamdam ang

tono ni Aling Maritess.

"Sino ho?"

"Aba, ewan! Kanina pa do'n sa gate."

"Lalaki ho o babae?"

"May kasamang bata. Anak mo daw. Galing silang Romblon." Nangingislap sa intriga ang mga mata ni Aling Maritess. "May anak ka na pala. Nasaan ang nanay no'n? `Yong kasama?"

So, babae ang kasama ng bata. Si Jodah? Malamang. Iyon ang nanay, eh.

Uminom siya ng tubig at nagbayad. Literal na humabol sa kanya si Aling Maritess. Nginisihan niya ang ale. "Balitaan ko kayo mamaya."

MARIO ANDOLINI MOLO. NO MIDDLE NAME. No nickname. Ten going on eleven. Chest level ni Skip ang taas. Maitim. Chubby. May mga peklat sa binti, kagat daw ng pulgas. Makapal na straight ang buhok, apple cut, at

may bangs pa talaga. Ayaw daw magpagupit kaya bangs na lang ang binabawasan. May sira na ang two front teeth na kailangang maagapan. Wala bang dentista sa Romblon? Ano ang nangyari sa perang ipinadala niya para mapastahan ang mga sira nitong ngipin?

Simula nang makilala ni Skip ang bata roughly seven months ago, regular na siyang nagpapadala ng pera sa nanay nito. Five thousand pesos a month. Sapat iyon sa estimate niya dahil sa public school naman nag-aaral ang bata at walang masyadong pagkakagatusan sa isla ng mga ito. Walang shopping malls at fast food resto.

Ginawa niya iyon kahit hindi pa rin siya sigurado na anak niya si Andolini. Hindi pa rin niya ito napapa-DNA test. Dahil paniwalang-paniwala ang bata na siya ang tatay nito, yumakap sa baywang niya noong una siyang masilayan, tinawag siyang "Papi."

*"Papi ko,"* the kid whispered breathlessly, namumuo pa ang luha nang tumingala sa kanya. Makapal din ang kilay at mga

pilikmata ni Andolini. Baka nga anak niya? At ang sabi ni Diana, ganoong-ganoon daw ang pangangatawan niya noong ten years old siya. So, yeah, maybe the kid was his.

Still, nakakaduda pa rin. The rest of the kid's facial features were Bruno's. Kamukhang-kamukha ng tiyuhin. Without DNA testing, Skip couldn't be sure. But he had held it off, imbes ay nagdecide na lang suportahan financially si Andolini.

Lagi na itong nagte-text at nagtsa-chat sa kanya pagkatapos ng first meeting nila.

*Good morning, Papi.*

*Kumusta ka na Papi?*

*I miss you Papi ko.*

Andolini was a sweet, soft, and sensitive kid. Paano kung sabihin ng mga DNA nila na hindi sila magkaanu-ano? Ano ang mangyayari sa bata? Paano niya sasabihin ang, "Totoy, hindi pala ako ang tatay mo"? Baka magrebelde, maging adik o kriminal. Worst, baka ma-depress at magpatiwakal. Ipinagmamalaki siya nito sa mga kalaro,

kaklase, sa lahat-lahat na. Tapos biglang false alarm? Kawawa ang bata.

Kasalanan din naman niya, aminado si Skip. Hindi agad niya inasikaso ang DNA testing at nakipagkita na siya sa bata kahit hindi pa siya sigurado. Before that, he was so sure the kid wasn't his. Kaya wala siyang pakialam. Ang katwiran niya, kung talagang anak niya si Andolini, hindi mananahimik na lang ang nanay niyon. Kutob niya, hindi lang maamin ni Jodah kay Bruno at sa mga kababayan—kaisla—kung sino ang totoong ama ng bata. Baka may asawa ang lalaki or whatever kaya siya ang itinuro. Plano talaga siya nitong pikutin noong una pero nang tumakas siya, hinayaan na lang siya.

Then he learned Diana and Matt's story. That affected his thinking. That got him curious about the boy who may or may not be his son. So he agreed to meet the boy.

Now he had a problem. A huge one.

Tulala si Skip habang ganadong-ganado sa ipina-deliver niyang Chicken Joy si Andolini

at ang kasama nitong pinsan, si Maureen: twenty years old, Engineering student sa Adamson. Ito ang naatasang maghatid kay Andolini sa kanya.

Nagpakasal daw sa huklubang *AFAM* si Jodah, iniwan sa pangangalaga ni Bruno si Andolini. Ayaw daw ng bata sa poder ni Bruno at lumalayas, nakikitulog kina Maureen at sa iba pang kamag-anak.

Hindi na iyon ikinagulat ni Skip. Umpisa pa lang, pansin na niya na iwas at parang takot kay Bruno si Andolini. Pero hindi dahil sinasaktan ito ng tiyuhin. Naniniwala naman siya na mahal ni Bruno ang pamangkin. Si Bruno ang sumusuporta sa mag-ina mula pa noon. Sa bagay na iyon, wala siyang masasabi kay Bruno. Mabait ito sa kapatid at sa pamangkin. Kaya nga ganoon na lang ang galit sa kanya noon.

Ang problema, masyadong macho ang asta ni Bruno. Astig. Siga. Tipikal na chauvinist at misogynist. Hindi puwede ang iyakin sa pamamahay ni Bruno. Bawal ang lalamya-

lamya.

Which was precisely what Andolini was.

The boy was truly gay. Tumitikwas ang daliri habang hinihiwa ng kubyertos ang Chicken Joy. Ang backpack nitong nakapatong sa isang upuan, pink na fake Barbie.

Lagi raw sinisigawan ni Bruno ang bagets, sabi ni Maureen. Pinag-iigib, pinagkakarga ng mga ide-deliver na baboy sa tuwing magpapakatay si Bruno, pinipilit paglaruin ng basketball, pinatuturuan at pinalalaban ng boxing. Dumugo raw ang ilong ni Andolini noong napalaban.

Ang hilig ni Andolini ay sumayaw, mag-stage ng mga beauty pageant sa mga kalaro, mag-Chinese garter, rumampang parang model. Determinado si Bruno na gawing tunay na lalaki ang pamangkin. Bagay na imposible at magdudusa lang ang bata.

And so there he was. Ni walang abiso mula kay Bruno.

"Excuse me, ha. May tatawagan lang ako.

Kain lang kayo diyan." Iniwan niya sa kusina ang dalawa at lumabas para tawagan si Diana. She answered at once, a rarity. He told her the problem.

"You obviously can't send him back to Bruno," anito. "Hindi naman siya salbahe pero nakakaawa si Andolini doon. Baka mamaya, ilaban na naman sa boxing, mapuruhan na ang bata."

Exactly Skip's fear. At hindi lang sa pisikal pupuwedeng madamage si Andolini dahil sa pananaw ni Bruno. Nariyan din ang psychological at emotional distress.

"He's smart enough to ask to live with you," ang sabi pa ni Diana patungkol kay Andolini. "He knows what's good for him."

"Am I? Good for him?"

"Andolini thinks so. Try not to disappoint, Skip."

"I'm not even sure he's mine," bulong niya.

"That's the least of your concerns for now. Whether he's yours or not, alam natin na hindi siya puwedeng bumalik kay Bruno.


Kung sakaling mapatunayan mo na hindi siya sa `yo, kaya mo bang basta na lang siya bitawan? Kanino mo ipapasa?"

"Meaning, I don't have a choice."

"Yup."

***Available:***

E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee




**Dead Over Heels**

Rose Tan

E-book | Paperback

# DEAD OVER HEELS

I'm Opay, admin officer sa Silverville Homes, subdivision ng masa. It's the worst job ever. The homeowners are crazy, messy, and nosy. Sa lahat ng problema, ako ang nakikita, ako ang nasisisi, ako ang may kasalanan.

I was ready to quit.

But I caught my ex-con ex, Cash, digging in someone else's backyard. He was digging for treasure. Pinayagan ko na, basta hati kami.

Guess what ang nasa hukay the next day?

A very dead tita!

At ang fingerprints ni Cash siyempre, all over the shovel na nakuha ng SOCO.

Mapapabalik ba sa Bilibid si Ex? Ayoko yata dahil yummy as ever ang shunga. What to do? Hanapin ang real killer, ano pa? Not easy kapag ang suspects ay homeowners na ayaw magbayad ng HOA fee.

At bakit laging pancit canton ang pinapakain sa 'kin ni Cash?

# Chapter 1

***Lunes***

Hindi ako bitter. Hindi ako bitter.

Sadya lang may mga taong nakakaurat to the capital U. And I have the right to not just be pissed off but also to express it. Like love and joy, "pissed-off" is an emotion I have to express verbally like normal people. Verbally, not passively aggressive or aggressively passive.

Verbal is healthy. Putting the complaint at the bottom of the list is not.

Una, wala pang list kaninang umaga, kararating ko lang sa opisina. Hindi pa

lumalapat ang puwit ko sa upuan, pumasok na ang mag-asawang Urbano. Magkaakbay. I preferred to call them "Mr. & Mrs. Urat."

Matangkad na lambutin si Mr. Urat, sobrang payat si Mrs. Urat; forty-seven and fifty-one years old respectively. *Inferness* kay Mrs. Urat, mukha siyang forty-seven lang din—may gandang mapanlinlang, parang mga profile pic. Lampas-balikat ang buhok ng ginang, kakulay ng tsamporadong malabnaw; naka-shorts na bulaklakin with sash, green ang spaghetti strap na blusa, puti ang rubber shoes na makapal ang suwelas—nakikiuso—no visible socks pero may anklet. Meron ding bracelets, dalawa at mukhang totoong Pandora; hikaw na baguette cut ang bato, kuwintas, wristwatch na MK, body bag na MK din. Kung hindi mo pa ma-picture, isama mo ang pearly pink na nail polish, may glitter iyong nasa "fuck you" finger.

Bagong lipat diumano ang mag-asawa sa nabiling unit. Block 12, Lot 3 Silverville Homes.

*Silverville, Silverville, it's Christmas time in the city…*

Tapos na ang Pasko pero LSS pa rin ako sa Christmas jingle ng subdivision at hindi nakakatulong na mukhang Christmas tree si Mrs. Urat. Note to self: `Pag naka-green, huwag damihan ang bling.

May lumalabas daw na tubig sa sahig ng unit ng mag-asawa at inoobliga ang Silverville management na ipaayos. Bilang ako ang admin officer, ako ang tagatanggap ng lahat ng reklamo ng homeowners.

I told the couple in my nicest, most professional voice na tapos na ang repair obligations namin sa kanila since two months na silang nakatira sa unit. Sa first month of occupancy lang libre ang repairs at materials na kakailanganin. Doon nagsimulang umasim ang ambience ng mag-asawa.

I tried diplomacy. Papupuntahin ko sa bahay nila ang in-house tuberos as soon as mag-report ang mga iyon sa opisina, which was anytime now, para ma-check kung saan

nanggagaling ang tubig. Libre check-up na. But Mr. & Mrs. Urat did not want just the tuberos, they were demanding for the engineer. Darating na rin `kako, hintayin na lang nila sa bahay nila. Sige raw, pero hiningi ang number ni Bobet, the engineer.

Hindi ko puwedeng ibigay.

"Policy?" ulit ni Mr. Urat sa explanation ko, parang gulat na gulat na mayroong policy ang management, as if wala kaming karapatan na magtakda ng policy.

"Lahat po ng complaints at inquiries, dito sa office ia-address at ako po ang magde-delegate ng trabaho sa mga tao. Si Engineer Bobet naman po ang taga-supervise kung tama ang ginagawa ng mga tao, siya rin po ang mag-a-approve kung anu-anong materyales at tools ang ilalabas. Minsan po—"

"Alam ko, kaya nga gusto ko siyang makausap. Mukhang sa banyo nanggagaling ang tubig, titiktikin ang tiles namin sigurado—"

“Opo, sir. Wala pong choice.” At inulit ko, “Kayo na po ang magpapaayos. Patitingnan ko lang po para at least, alam natin kung ano talaga ang problema at—”

Nagmaktol na si Mrs. Urat, “Paano `yon, *Dadeh*? Mag-iiba ang tiles. Unique `yon, eh—”

Hindi ko napigilang magsalita, “Kaya nga po sinasabihan ang homeowners sa umpisa pa lang na i-check muna ang mga daloy ng tubig bago nila ipa-tiles ang mga sahig.” Pero matitigas ang ulo. Inuunang pasahigan at papinturahan ang mga unit bago pa man mag-apply ng mga metro.

“Bakit ba kasi may mga sira? Katagal-tagal n’yo magpa-move in `tapos sira-sira pa rin pala,” si *Dadeh* Urat.

“Depende po sa approval ng housing loan ang move-in. Minsan po, sa processing nagtatagal, hindi na po namin sakop `yon.” Ngiting bagong Botox na ako.

“Ang gusto ko lang naman ay makausap ang engineer, miss,” giit ni Mr. Urat. Nasa-five-ten ang taas, slim, malaki ang tiyan,

coarse ang buhok, butas-butas ang mukha. Naka-jeans na black, asul na polo shirt—Lacoste at hindi lang isa ang buwaya—marami. Patong-patong. Isang kongreso. Ano ang naisipan ng Lacoste at naglabas ng ganoong design?

"Hindi ko po puwedeng ibigay ang number niya." Iyon ay para maiwasan ang mga under the table deals at sa hilatsa ng mag-asawa, mukhang sanay na sanay manuhol. "Pero darating po sa inyo ang tubero, pakihintay lang po nang saglit. Baka nag-aalmusal pa sila."

"Tara na nga! Wala tayong mapapala dito." Kinaray ni Mrs. Urat ang esposo palabas. "Magulo kausap `yan!"

*Ako pa ang magulo?*

Napatindig ako. "Ano pa po ba ang gusto n'yo?"

"Tinataasan mo kami ng boses?" Nanlisik ang mga mata ni Mrs. Urat, dinuro ako. "Bastos ka talaga!"

"Mas bastos kayo!" Tinabig ko ang

hintuturo ng urat.

"Tama na," awat ni Mr. Urat sa asawa, inakbayan papunta sa pintuan. "`Wag mo nang patulan `yan, mai-stress ka lang." Pero nilinga ako. "Pinsan namin ang mayor dito, `dami n'yong violations—"

*Ooooh, a threat.*

Binantaan din ako ng babae bago lumabas. "Makakarating ito sa developer mismo, makikita mo!"

"Sige po. Do'n na lang kayo magreklamo, `wag sa bastos." Maalam din ako ng sarcasm.

Nasundan sina Mrs. Urat ng iba pang reklamo, through phone at in person. Sampu na ang mga reklamador sa listahan ko, same old, same old ang mga complaint: mga asong hinahayaang gumala-gala, mga basurang itinambak sa bakante pang lote, pundidong ilaw sa mga poste, bitak-bitak na kalsada—*"Ano'ng klaseng subdivision `to? Kakagawa pa lang, sira na ang daan?"*

Ang number ten lang ang bago sa pandinig at listahan ko. Nangangatal sa galit na

pumasok dito sa opisina si Mrs. Rosario—Sigrid Rosario. Pawis na pawis, namumula, nakadikit ang ilang buhok sa noo at pisngi, nakawala na sa ponytail. Ang pagkakaiba kay Mrs. Urat, hindi sa akin galit si Ma'am Sigrid, sa mga kapitbahay niya—future neighbors. Hindi pa nakatira sa nabili niyang townhouse ang ginang.

Sisimulan pa lang ni Ma'am Sigrid ang improvement ng kanyang townhouse sa Block 8, Lot 8. Kauuwi pa lang daw nito from Roma, Italia last week at balak na mag-stay na dito sa Pilipinas dahil baka raw maulit ang pandemic, mabuti nang kasama nito ang pamilya. Mategi man daw sa sakit, at least, naranasan nilang maging buo, magkakasama.

How touching.

Kaya pagkatapos mamudmod ng mga pasalubong at manlibre ng mga kamag-anak, inasikaso ni Ma'am Sigrid ang lilipatan. Galing daw siya ng opisina ng electric company, nag-apply ng linya at nag-seminar. Doon na rin siya nakahanap ng electrician na

magkakabit ng meter base. From there, dumeretso na dito.

Ten o'clock daw sila dumating sa townhouse. At surprise, surprise! Bukas ang pinto ng bahay. Wala nang bintana—nabasag or tinanggal ang slats ng jalousie window, malamang ay para mabuksan ang front door na katabi lang ng bintana. Kayang abutin.

May malaking-malaking inflatable swimming pool na naghihintay sa loob, puno pa ng tubig. Mayroon ding videoke machine at sangkaterbang bote ng Red Horse, mga upos ng yosi, balat ng chichirya, at kung anu-ano pang kalat. Piniktyuran iyon lahat ni Ma'am Sigrid at ipinakita sa akin habang mangiyak-ngiyak sa galit.

"Tinampalasan nila ang bahay ko. Mga bastos sila."

I winced. I also prepared myself for that moment na mare-realize bigla ni Ma'am Sigrid na isa ako sa dapat niyang pagalitan dahil ako ang mukha ng Silverville admin. Hindi magiging resort ang unit niya kung

mahigpit kaming magbantay. I got ready to blame it all on the pandemic. Totoo naman. Maraming homeowners ang nawalan ng trabaho, hindi nakabayad ng HOA fees, nagbigay ng moratorium sa housing loans ang Pag-IBIG at mga bangko. Tumigil ang mundo, in short. Nagbawas kami ng security guards. Tatlo na lang ang natira hanggang ngayon dahil nagsisimula pa lang bumangon ang mga nasalanta ng pandemic. Isa na ako doon.

"Ma'am, pasensiya na po, ha," sabi ko na mahinahon at malambing. "Duly noted po ang complaint n'yo. Maglalabas agad kami ng memo regarding this. Pagmumultahin po namin `yong mga mahuhuling gumagamit ng bakanteng units. Paiikutin ko na rin po ang guards para makita sila at mahuli. Regarding po sa unit n'yo, papupuntahin ko po agad ang maintenance. Papapalitan ko po `yong mga bintana pati na `yong ibang nasira. Ipapalinis ko na rin po agad."

"Mga bastos. Mga walang urbanidad. Ang

kakapal ng mukha."

"Pasensiya na po, Ma'am," ulit ko sabay dampot ng cell phone. Tinawagan ko si Engineer Bobet. Sumagot naman agad. Nasa barracks na raw siya. Sinabi ko ang issue ni Ma'am Sigrid. Bothered din si Engineer Bobet sa narinig. Pupuntahan na raw niya agad. I faced Ma'am Sigrid again. "`Ayun po. Papunta na po doon si Engineer, puwede n'yo po siyang i-meet doon para mapakita n'yo kung anu-ano ang kailangang palitan."

Nagpasalamat pa sa akin ang ginang bago lumabas. Sana lahat ng may reklamo, nice kausap.

Ngayon, 11:35 ng tanghali, handa na akong mag-lunch break. Exhausting ang humarap sa homeowners araw-araw, emotionally and mentally draining. I miss my old job… my old life.

Binuksan ko ang Facebook sa Silverville group page. Doon ako maghahanap ng lunch. May homeowners na nagluluto at nagde-deliver. Bunga rin iyon ng pandemic. Kanya-

kanyang tinda ng kung anu-ano ang homeowners kaya may mga block na mukha nang palengke—a no-no sa isang subdivision pero wala kaming magawa. Kailangan ng mga tao ng trabaho dahil hindi naman lahat ng kompanyang nasalanta ng pandemic ay nakabangon. Mayroong natuluyan nang lumubog. Maraming homeowners ang tuluyan nang nawalan ng trabaho at hanggang ngayon ay struggling to make ends meet. Marami nang units ang ipinasalo at ipinasasalo dahil hindi na mabayaran.

Poster ng Smart Padala at Paymaya ang bumungad sa akin sa page. Kasunod ay picture ng batang may sakit, kini-chemo. I hit “care,” then scrolled down. Napatulala.

In block letters, may nagra-rant na homeowner. Binasa ko dahil tsismosa rin naman ako. After two sentences, I realized, ako ang object ng rant. Ako ang minumura.

Si Mrs. Urat ang nag-post. Hindi ko agad nakilalang siya dahil natanim sa utak ko na si Mrs. Urat siya. Hindi Dulce Urbano at

pagkaganda sa profile pic.

`Pagkatamad ko raw. Wala raw akong kuwentang kausap. Sinagot ko raw siya nang pabalang. Inismiran ko pa raw. Kung makatingin daw ako sa kanya, akala mo kung sino akong maganda.

*PANGIT KA! OO, PANGIT KANG BABAE KA!*

Pangiti-ngiti pa raw ako sa asawa niya, akala mo naman papatulan ako, eh, ang pangit ko nga. Mukha raw akong kurdapya. Wala raw papatol sa akin. Mas mapait pa raw ako sa ampalaya. Kaya daw sobrang bitter ko sa buhay.

*BITTER.*

No, I'm not.

Nangangatal ang mga kamay ko. Pinagpawisan ako bigla.

HINDI AKO BITTER! At lalong hindi ako pangit! Pero kahit pa siguro ako na nga ang pinakapangit na nilalang sa mundo, hindi ko pa rin pag-iinteresan si Mr. Urat. Saan nanggaling ang akusasyon na nilalandi ko

iyon? Ni hindi ko maalala na ngumiti ako at some point habang minumura nila ako. Anong klaseng tao ang mga ito?

Ang pinakamasaklap sa lahat ng ito, hindi ako puwedeng pumatol. Hindi ako puwedeng mag-comment man lang. Kabilin-bilinan iyon ni Tita Ern—Ernestine T. Mulligan of ETM Development Corporation. ETM ang may-ari ng Silverville.

Kapatid sa outside ng mama ko si Tita Ern, nakilala ko lang three years ago noong namatay ang lolo ko na tatay nila. May dumalaw na yayamanin sa burol, naka-Land Cruiser at may kasamang foreigner ang babaeng naka-black dress, black stockings, black shoes, black veil, at mga perlas.

Sibil na tinanggap at binati nina mama si Tita Ern and her foreigner husband, binigyan ng kape at sandwich, pagkatapos ay hinayaan na sa isang tabi. Tao pa ako noon na feeling angat sa iba at maraming K kaya nilapitan ko sila, tsinika. Na-appreciate naman ni Tita Ern at nagkasundo kami.

When the pandemic hit and I lost my job, Tita Ern rescued me from poverty. Lingid kina mama, pinapadalhan ako ni Tita Ern ng pera. At nang medyo lumuwag na ang quarantine regulations, she offered me this job. Naniniwala si Tita Ern na perfect ako sa trabaho dahil maganda raw ang PR ko.

Tinanggap ko ang trabaho not because I'm a real PR pro. Charming lang ako kapag kausap ko si Tita Ern kasi nga, binibigyan niya ako ng datung. In short, kay Tita Ern lang ako may PR at sa husband niya, si Uncle Bruce.

But I accepted the offer dahil may promise din si Tita Ern na sa sandaling bumalik na sa normal ang ikot ng mundo at ekonomiya, tutulungan nila akong makapunta sa US of A, na hahanapan ako doon ni Uncle Bruce ng trabaho.

Pansamantala lang itong post ko sa Silverville.

But, really? Deserve ko bang masabihan ng tanga, tamad, pangit? Nakakaiyak. Kung ako

lang, nakatikim na rin ng malulutong na mura si Mrs. Urat. Papatulan ko talaga ang aswang.

But I have to be cool, professional, mature. Iyon ang pagkakakilala sa akin nina Tita Ern. She warned me about impossible homeowners, at huwag na huwag daw akong mapipikon.

*"Don't take what they say personally."*

Pero hindi naman daw siguro iyon problema sa akin, sabi pa ni Tita. Level-headed naman daw ako, smart, I'd know what to do.

"Tang-ina mo, hayup ka," mura ko sa post ni Mrs. Urat. "May araw ka ring aswang ka."

Nag-lunch na lang ako ng sama ng loob. To hell with propriety. I spent three hours plotting my revenge against the Urats. Dapat iyong kalamidad na hindi halatang ako ang may kagagawan.

Lagyan ng pako ang gugulungan ng sasakyan nila.

Hagisan ng *jebs* ang bakuran nila—nope,

too sociopath.


Create a dummy FB account and flirt with Mr. Urat.

Find a hacker and drain the Urats' bank account.

My cell phone rang at 2:02 PM.

***Available:***

E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee




**Caught Dead-Handed**

Rose Tan

E-book | Paperback

# CAUGHT DEAD-HANDED

Hi, Opay here.

May inalok na misyon sa akin ang mayaman kong tita and I chose to accept it. Kaya gora kami ni Cash for a weekend getaway sa Lago La Luna. It's a posh, high-end wellness resort and spa.

So they say.

Ang naabutan namin, guests na nagrereklamo sa madumi at mabahong tubig. Pinapa-check nila sa management ang water tank.

My curiosity was piqued.

Dirty water.

Water tank.

What do you know? Life is like a Netflix menu, sometimes you know exactly what you're gonna get.

A dead body in the water tank.

In between acupuncture, sound therapy, and energy healing, Cash and I did what we do best—we got on the case.

Then Cash went missing and I went crazy.

# Chapter 1

***Sabado***

Sa wakas ay natapos ang walang hanggang niyugan. As in, mahigit isang oras na lalakbayin mula umpisa hanggang dulo. Mayamaya pa ay huminto ang Land Cruiser sa portico. Humangos ang dalawang lalaking naka-white polo shirt at khaki shorts para buksan ang pinto ng sasakyan.

Bumaba ako. Nang palundag.

Putsa! Sablay. Sana may rewind ang mga eksena sa buhay. Akala ko kasi, parang sa kotse lang, at na-master ko na ang proper and

graceful way of exiting a Camry—knees together, ipaling sa direksiyon ng pinto, plant feet on the ground, stand.

Ganoon ang ginawa ko, kaso ay ang taas ng Land Cruiser. Napasubsob ako nang slight sa isa sa dalawang lalaki.

“Oh, I’m sorry. Jetlag,” sabi ko. May presence of mind ako magpalusot. Umayos ako ng tindig at ini-scan ang paligid. “Lovely.” Kapag may katangahan kang ginawa, be generous with praise, and hope for the best.

Bumaba na rin si Mang Junior, ang driver nina Tita Ern para ibaba ang mga bagahe ko—isang suitcase at katernong weekender bag lang naman. I bid him farewell. One of the men took my bags and proceeded ahead of me and the other man.

Mga limang metro ang lalakarin mula sa binabaan ko hanggang sa lobby. This covered walkway had hardwood pillars on both sides. Malay ko kung anong kahoy at nag-iinarte ako dito dahil mayroon akong misyon, and I figured “Pie” was better suited for the job.

Sa pagitan ng mga haligi, may mga Chinese bamboo sa plant boxes na semento. May nakatusok na karatulang green sa isa, puti ang Comic Sans font. *No Loitering*. Okay, fine. Balak ko sanang tumambay muna doon at kilatisin ang outside.

We reached the lobby of the loft-style building. Hmmm. Vigan tiles na sahig, capiz windows on plain white walls, more hardwood—furniture, hagdan, banister ng hagdan, balustre ng mezzanine, columns. May mga lalagyan ng halimaw sa sulok-sulok—banga, for the pop culture impaired. Huge ones. Ginormous din ang mga caladium sa gilid-gilid ng mga haligi at maglalaway ang mga plantita ng Silverville dahil hindi green ang malalaking dahon, red-violet! Mag-uuwi ako niyon. Hindi ko pa alam kung paano. Basta.

May mga tao—guests sa lounge area. Nag-uusap, tumatawa, pero hindi sila maingay. Bakit ganoon kapag mayayaman ang nagtipon-tipon? Their hush-hush was light

and airy. Kapag sa Silverville may tipon-tipon, parang lagapakan ang consonants.

Nasa harap na ng counter ang bagahe ko, binabantayan ni kuyang may certificate from TESDA ang ngiti, aral na aral. Then I also got the sweetest, fakest smiles and greetings from the woman and gay man behind the counter.

"Welcome to Lago la Luna," ang sabi ni *ati* na pang-FA ang pusod. "Nadine Jessica" ang nasa name tag sa breast pocket ng teal uniform top. Khaki rin ang palda with khaki belt. "May I have your name, ma'am?"

"Uh, the reservation is under Castillejo. Emmet John Castillejo."

Parang nabura ang ngiti ni *ati*, napalitan ng ngitngit sa akin. Pero saglit lang, naalala na trabaho niyang ngumiti nang may pag-iimbot at walang katapatan. "He's here, Ma'am," ang sabi at nilinga ang kasamang beks. "Si Sir Cash?" The way she said "Cash," may pagnanasa. Kaya pala naimbey sa akin.

Bago pa makasagot ang beks, may humihiyaw na nagtatatakbo papasok sa lobby.

"Yaaaaah!"

"Speaking," sabi ng beks, amused but resigned. Like it wasn't the first time Cash got into trouble since he arrived.

Indeed. Kalbo ang humihiyaw na tumatakbo—lumundag sa isang day bed dahil hinahabol ng… pabo?

Napasigaw at napatakbo na rin ang mga yayamaning guest. Galit na galit ang pabo kay Cash. Buti na lang at hawak ko ang cell phone, na-video ko pa siya bago lumiko sa hallway sa far end ng lounge. Men in white shirts and khaki shorts were trying to calm the peacock, sinusuhulan ng saging.

Ewan kung saan napasuot si Cash. Magugulat pa ba ako sa boyfriend kong lapitin ng aberya?

"Ah, miss, saan nga ang villa namin?" tanong ko kay Nadine Jessica. Pati guests, tumutulong nang itaboy palabas ang pabo na parang hilong-talilong sa lounge area, occasionally emitting a high-pitched cry—pinaghalong sound ng manok at pusang in

heat.

"Pavilion Two, ma'am. But you can't check in yet. It's only twelve-thirty; two o'clock pa po ang check-in. But you can wait here in the lounge or at the restaurant—"

"Wala naman kayong sinabi na two pa ang check-in, ah." Saka na uli ako magpapasosyal, imbiyerna ako, eh. Sekretarya ng chief of staff ni Tita Ern ang nagpa-reserve para sa amin. Wala na daw kaming gagawin kundi pumarito at, enjoy!

"Two o'clock po talaga ang check-in time, ma'am," giit ni Nadine Jessica. "The restaurant is by the lake, I'll have someone take you there."

Aha!

"Hindi n'yo sinasabi talaga para mapilitang kumain sa restaurant n'yo ang mga guest," talak ko. Eh, 'di ako na ang taga-Silverville.

"Hindi naman po," tanggi ni Nadine Jessica.

Patay-mali naman ang beks.

"Paano ang mga gamit namin?" `kako. "Puwede bang iwan dito?"

"It's your choice, ma'am, but we are not responsible kung may mawawala."

"Ay, kagaling!" But my ire was interrupted by the loud rustling of feathers. Napatunganga ako sa pabo. It was beautiful, mas bumuka pa ang buntot na blue, green, teal, black, gold na parang mga mata, at taas-tuka na nagkusang lumabas via side door. Parang na-realize na it's too beautiful to bother with humans.

Ginaya ko na lang ang pabo. Taas-noo kong nilayasan ang counter at pinuntahan iyong nilikuan ni Cash. Restrooms.

"Cash! Cash!"

Bumukas ang men's room, sumilip ang kalbo, nakita ako, napangiti nang malaki. "Kararating mo lang?" Then he swept me off my feet, literally. "I missed you! 'Ambango mo." He kissed my neck before putting me down.

"Ba't ka hinabol ng pabo?"

"Ewan ko do'n. Ginaya ko lang ang sound eh, nilusob ako. Bagay sa `yo daster mo,

ganda mo diyan."

I curtsied. Hindi naman daster ang suot ko, summer dress na sexy, ekis-ekis na tali sa balikat at likod, medyo see-through at above the knee lang.

"Hindi pa daw tayo puwedeng mag-check in," report ko. Check in na check in na ako, sa totoo lang. Three months si Cash sa Tacloban for a job so I was kind of tigang, which was the reason for my sexy daster kahit hindi na summer.

Ang original naming plano ay ako ang lilipad pa-Tacloban at doon kami magpapakaligaya this particular weekend. Tinawagan ko si Tita Ern para magpaalam na leave ako sa Monday, baka Tuesday na rin, malay mo, mapasarap kami Cash.

But Tita Ern had another idea. She needed me to check on someone kaya dito na lang daw kami sa Lago la Luna mag-weekend getaway, all expenses paid. Sinabi ko kay Cash. Payag siya. Libre, eh.

Kahapon ng tanghali, sinundo ako ni Mang

Junior sa opisina—Camry ang dala kaya feeling yayamanin na talaga ako—at dinala sa mansion ni Tita sa Valle Verde para i-finalize namin ang misyon ko, since I chose to accept it. Sobrang bilib si Tita sa power of deduction ko raw dahil nga na-solve agad ang murder cases sa Silverville. Quiet na lang ako since I didn't think I single-handedly solved those cases.

Isa pa, kung magaling talaga ako, eh, 'di sana nalaman ko agad ang sekreto ni Polly, na-prevent ko na mapatay pa ang sariling ina. Eh, 'di sana, hindi na kami na-detain. Akala ko talaga, matutuluyan kaming makulong dahil nagpiyansa lang naman kami. Meaning, may kaso pa ring didinggin sa korte. Pero sumikat naman nang kaunti si Ispo3 nang mahuli sina Polly at Jeremy kaya pinatawad na kami, hindi na raw kami kakasuhan. Sinoli ang bail namin ni Cash, pinakawalan ang mga beks.

"Oo nga. Pinapunta ako sa massage room and I had my complimentary massage." He let out a contented "*aah*."

Napanganga ako. "Pinamasahe ka?! Samantalang ako, pinagtutulakan sa restaurant?"

"Baka depende sa oras." Inakbayan ako ni Cash at naglakad kami pabalik sa lobby. "Gutom na nga ako, pahatid na tayo sa restaurant."

"Ang mga gamit mo?" I asked.

"Nasa kotse."

"Kumusta naman flight mo? Walang terorista?" Kaninang madaling-araw ang flight niya pa-Manila. Kandadasal ako na wala sanang sumabog onboard, because Cash.

Paglapit namin sa counter, iniabot ko ang cell phone kay Nadine Jessica. "Paki-picture." Smile à la doggo. Naglambitin ako sa braso ni Cash at game naman si Boyfie, inakbayan ako nang walang alinlangan, idinikit pa ang nguso sa sentido ko.

Tatlong poses ang ginawa namin.


Nag-request si Cash ng golf cart. "Dalhin lang namin sa kotse ang gamit, balik kami agad," sabi pa kay Nadine Jessica.

"Ingat sa pabo, Sir," bilin ni Kim Derek, the beks.

Naglalakad na kami sa portico nang bumulalas ni Cash, "Nga pala!" Huminto pa siya at humarap sa akin.

"Ano?" Nag-jumping jacks ang puso ko. Magpo-propose na ba siya? Luluhod na?

"May nawawala daw na babae dito. Two weeks na."




**His Body**

**A Harem Novel**

Vanessa

E-book | Paperback

# HIS BODY
## (FOR ADULTS ONLY)

Desperate for cash, Martina needed to be a part of Javier del Toro's harem. She was dead set on doing exceptionally well in her audition that Javier wouldn't notice her lack of experience in the "field."

Ang kanyang audition ay naganap nang hindi inaasahan. Still, it was the greatest performance of her life. The only problem was she auditioned to the wrong man. The lucky bastard turned out to be Javier's stepbrother, Nanding, who worked as his mechanic. How Martina hated Nanding. She felt as if he robbed her of a chance to solve her financial problems. Parang balewala lang sa lalaki ang mistaken identity issue at nakuha pa nitong ngumisi-ngisi na para bang nakakatuwa ang lahat por que naligayahan ito!

Ano ang gagawin ni Martina kung hindi nawala ang matinding pangangailangan niyang mapabilang sa harem ni Javier? Would she convince Nanding to keep their little secret? What if, hard as she tried, she couldn't resist his body?

# CONTENT WARNING

This book is for adults only;
contains explicit language,
graphic sex scenes,
and NSFW illustrations.

# CHAPTER ONE

*I came here to be his whore.*

Pilit nilunok ni Martina ang mga luhang nagbabantang tumulo. Naiyakan na niya ang sitwasyon at napag-isipan. She was going to be a rich man's sex worker. Walang masama doon. *Sex work is still work*, she told herself. At least, she will make money from this. Ano ang pagkakaiba ng gagawin niya sa isang relasyon? Hindi naman siya pagpapasa-pasahan ng iba't ibang customer at wala ring masama sa sex work. She had been reading about it this past week, trying to convince herself that this situation was not as bad as it seemed. She will

just pretend that Javier was her boyfriend.

*Javier,* that was the man's name, the man who had women at his disposal twenty-four-seven. Why? Because he can. Now, while in a car rental in front of the gate of his mansion, Martina wondered how many women were inside. How many *whores* did Javier have inside that mansion of lust? She had to say though, she was expecting a gaudy place, like one of those mansions with old-fashioned bordello rooms draped in red velvet, and with tufted furniture all over the place. She imagined the rooms having wall-to-wall carpeting, dark, and reeking of cigarettes and spilled alcohol. But the gate looked normal and unexpectedly simple. Gawa iyon sa mababang grilles na itim at tanaw ang mahabang kalsadang papasok sa loob. Puro shrubs ang magkabilang gilid ng kalsada. Mayroong speaker box dalawang dipa bago ang gate. Doon itinapat ni Martina ang driver's side ng sasakyan. Muntikan nang kumaskas sa bangketa ang kotse. It had been

a very long time since she last drove a car and even then, she only did it for fun. She had never driven a car with the purpose of getting somewhere, she only did it for the heck of it. Palagi siyang may driver. But now that she was poor, she needed to drive herself here. Isa pa, wala siyang balak may makakita sa kanya, kahit taxi driver pa. No one should know. May kung anong takot ang sumakmal sa kanyang dibdib. Maisip pa lang niyang malalaman ng lahat na isa siya sa mga babae ni Javier ay nangingilabot na siya. But how would they know? Kahit siya ay hindi alam kung sino si Javier kung hindi pa binanggit ng kanyang kapatid. She was not aware that there was a businessman who lived like a king because, well, he was the modern version of one. How the hell would she know? She was from a different generation. The idea of it seemed preposterous.

Pinindot niya ang buton ng speaker box. May nagsalitang lalaki doon, "Pangalan po."

"This is M-Martina…" Nakagat niya ang

labi. She dreaded saying her name. She was getting paranoid, as if the entire world was looking at her, judging her. It was as if they were telling her she was a whore… Because she was going to be one very, very soon.

"Full name po, *madam*," anang boses.

"M-Martina Bernal."

"Pasok na po, Ma'am. Huminto na lang kayo sa pangalawang gate," anang tinig.

May second gate pa pala. She guessed that was normal. Kung sakaling mayroong makapasok na kung sino sa hindi kataasang unang gate ay mayroong isa pang harang. She liked the idea that no one can easily see her there… But that meant she couldn't escape easily as well.

*Stop frightening yourself!* Ilang ulit na niyang pinagsabihan ang sarili na tigilan ang ganoong pagkatakot dahil wala iyong mararating. Of course, sex work was not the safest because it was illegal, therefore, no protection was offered. Pero kailangan niya ring tandaan na hindi naman ordinaryong sex

work ang gagawin niya. Hindi naman siya rarampa sa kalsada at sasailalim sa management ng isang bugaw. She was simply going to be one of Javier's women. Ipinaliwanag na sa kanya ng kanyang hipag ang lahat. Javier will take her in because her brother asked as a favor. Ipinakiusap lang siya ng kanyang kapatid kay Javier para maging isa sa mga babae ng harem. *God, it couldn't get anymore shameful than this.*

Siya, si Martina Bernal, isang social butterfly, fashionista, jetsetter, a social media influencer with thirty thousand followers… ipinakiusap ng kapatid para maging isang *puta*. Shame, shame, shame. Gusto niyang lumubog sa lupa. But there she was, still alive but had nothing. Kung sana mayroong natira sa kanya, magtatago na lang siya pero wala. She needed money to survive and she had none, while her brother had to go into hiding because some people were looking for him. Kailangan niya itong tulungang makabayad sa utang para makagawa ito ng paraan para sa

kanila. How to get easy money? Be one of Javier's women. Hindi niya alam kung bakit kailangan ni Javier ng madaming babae, pero ang sabi ng kanyang sister-in-law ay magpasalamat na lang daw siya na nagawan ng paraan ng kanyang kapatid ang lahat. For now, she was not going to be homeless because her brother had sold everything they owned. Every single thing. Kung nalaman lang niya, hindi sana niya ito binigyan ng special power of attorney habang naglalagalag siya sa ibang bansa. If it weren't for her credit card miles, she would not even be able to come back home. Kunsabagay, kung nalaman lang niya na ganito ang daratnang sitwasyon, hindi na siguro siya umuwi. She could have easily disappeared in Europe, but without money that would be impossible.

Ah, hindi niya alam. Ilang ulit na niyang iniba ang scenario sa isip pero nauuwi at nauuwi sa current problem—she was broke as hell. The Honda Civic she was driving was at least twenty years old. Ni hindi sa kanya ang

kotse, kundi pahiram lang ng kapatid ng hipag niya, who only kept it because it was his first big purchase when he was seventeen.

Natanawan na niya ang ikalawang gate. This time, it was taller. Mayroong guard house sa tabi niyon. Isang lalaking naka-polo-barong at may hawak ng leash ng canine unit ang nag-aabangan sa kanya. Ibinaba niya ang bintana ng sasakyan. Nanghingi ng ID ang lalaki, saka pinaamoy sa aso ang kanyang sasakyan mula sa labas.

"Ma'am, kapag dumiretso kayo, may makikita kayong maliit na building. Hanapin po ninyo doon si Ma'am Pauline."

Nagpasalamat siya sa guard at tumuloy na sa loob. Makaraan ang dalawang minutong pagmamaneho ay nakita nga niya ang isang structure. It was a beautiful bungalow, European-style. Wala pa siyang nakikitang kahit na ano sa lugar na ito na mukhang brothel. This looked like a well-appointed luxurious vacation villa. Malapit din ang lokasyon sa isang popular na leisure club.

Nag-doorbell siya at bumukas naman ang pintuan ng bungalow. Isang magandang babae ang nagpatuloy sa kanya sa loob. The woman was in her forties. She was wearing a floral dress and a pair of sandals.

"My name is Pauline. This is an NDA for you to sign here and here and here," nakangiti nitong sabi.

A non-disclosure agreement. Maiksi lang iyon. Binasa niya ang laman ng kasulatan. Sinasabi lang doon na wala siyang kahit na anong dapat ikuwento tungkol sa oras niya sa loob ng villa at kung sino ang mga makikita niya roon. That gave her comfort. At least, she did not have to fear getting found out if everyone who entered the place was required to sign an NDA.

Iyon mismo ang tinanong niya sa babae. "Everyone who comes must sign this?"

"Yes. You'd have to sign a different one if you pass the second test."

Kumunot ang noo niya. "Second test?"

"You know, if Javier likes you and decides

you can be a part of the select group of women living inside the mansion at his behest."

"Oh." Hindi niya inaasahan ang sinabi ng babae dahil akala niya ay automatic na siyang kabilang sa roster. Apparently, she had to audition?! What the hell?! Nainsulto siya pero hindi ipinahalata sa babaeng kausap. Pauline looked educated, kind, and sweet. "May I ask you a question, Pauline? Why does he need so many women and how many are there exactly?"

Tumawa ang babae. "I'm in no position to answer your questions, my dear. You'd have to ask him."

"Why are women doing this?"

"Why are you?"

Hindi na siya sumagot, kahit gustong sabihin na dahil lang sa gipit na gipit siya. She had to sigh.

Nagsalitang muli si Pauline. "If you have an open mind, I do believe you will enjoy being here."

"The women enjoy it here?"

"Very much so."

Hindi makapaniwala si Martina, kahit pa nga madami siyang nakitang videos ng mga babaeng sugar baby at sex workers na sinasabing enjoy ang mga ito sa trabaho. She was raised to believe that there was no dignity in this kind of work. Pero iyon mismo ang kaisipang kailangan niyang baguhin. Dikta lang naman iyon ng society. It was merely a social construct. At habang hawak-hawak siya ng mga makalumang paniniwala ay magiging miserable siya. Kailangan niyang sabayan ang makabagong mundo. Nasa mga babae na ngayon ang kapangyarihan. Hawak na ng kababaihan ang dignidad ng mga ito, at hindi na basta na lang sumusunod sa dikta ng society. Sex work should empower her, instead of making her feel shame. After all, sex was not a bad thing. It was something that people were supposed to enjoy.

Tumayo na siya matapos pirmahan ang dokumento. "Where do I go now, Pauline?"

"To the mansion, of course. Just keep driving north. You won't miss it."

"Thank you." Naglakad na siya patungo sa pinto.

Bago siya makalabas ay muling nagsalita si Pauline. "He is a very generous man, Martina. If one has an open mind, one would find this to be one of the best and most rewarding jobs in the world."

Tumango si Martina. She had to man up and do what she had to. She needed this job. Kung may auditions pala, puwes gagawin niya ang lahat. It's not as if she had any other choice anyway.

*HOW DOES one prepare for planned sex? Do sex workers have some kind of strategy or pep talk, like athletes?*

Martina imagined sex workers needed that more than any other. Pero ano nga ba ang magandang sabihin sa sarili habang nagpe-

prepare mentally? Hindi lang naman siya hihiga roon at maghihintay. She needed to perform. Why the hell would Mr. Big Manly Man pay her if she would just lay there like a log?

Iyon mismo ang problema niya—wala siyang masyadong alam sa sex. She was not a conservative person but she never had any real opportunity to explore. Hindi kailanman dumating sa kanya ang punto kung saan ginusto niyang palawakin ang experience sa sex. She was far too busy doing other things. Besides, sex was overrated anyway. She bet many would disagree but it was the truth. She didn't enjoy it as much.

*I just hope I do well,* sa isip-isip niya. Hindi pa niya kailanman naranasan ang ganito, iyon bang kailangang-kailangan niyang pumasa sa isang bagay na ayaw niyang gawin! Gusto niyang magsisi na hindi man lang niya naalalang manood ng porn bago pumunta roon. Maybe she should've studied and practiced on her own before coming here.

Ngayon niya naiisip na para siyang isang sundalong sumugod sa giyera nang wala man lang armas. How the hell can she pass the audition? Ni wala siyang alam na special blowjob technique. Ni wala siyang alam na effective sexual position. Furthermore, she had not even worked out for a year! Oh, how she disliked working out. Kung hindi lang siya natural na biniyayaan ng magandang katawan, siguradong wala siyang maisusuot na damit sa katamaran mag-workout. She did not like eating as well but she liked junk food, especially chips. Strength was going to be a problem. She needed endurance if she wanted to please a man sexually. Paano siya makakapag-perform kung hindi handa ang mga hita niya sa pumping at squats? She would simply have to do it and take some ibuprofen later. Bahala na.

Ipinarada na niya ang kotse sa parking area malapit sa main house. Malaki ang espasyo at nag-iisa ang kanyang kotse doon. There was probably a garage somewhere. She could

imagine it filled with luxury vehicles, but the smart kind. Hindi niya maiwasang isiping hindi si Javier del Toro ang tipo ng lalaking tulad ng ibang pagyayabang lang ang basehan ng pagbili ng properties kung pagbabasehan niya ang hitsura ng villa. It seemed like a very wise investment. But then, what did she know about that? Siya nga ay hindi nag-invest kaya wala siyang pag-aari ngayon. Isa pa, contradictory iyon sa idea ng pagkakaroon ng sariling harem.

It was a harem, wasn't it? A modern-day kind harem, one that was created to satisfy the sexual needs of one man.

Nakaramdam siya ng matinding inis sa idea. *So help me God.* How the hell was she going to perform feeling so annoyed with the man she was supposed to fuck? No, not fuck, *please.* She was supposed to please Javier. He must be satisfied enough to say that she was going to be a part of his harem.

*If mom and dad were alive today, this would've been the death of them.*

Gusto niyang mapaluha pero pinilit na huwag isipin ang lahat. Gagawin niya ito, desidido na siya. Para sa kinabukasan niya at ng kapatid, maging ng mga pamangkin. How can she live with herself knowing that she did absolutely nothing to help her family? Paano na ang mga pamangkin niya? Walang trabaho ang sister-in-law niya kaya sino ang magpapaaral sa mga bata? Just the thought that the children would have to live in poverty made her cry. Hindi niya kaya. She was the sacrificial lamb and she will gladly accept that if it meant her family was going to be saved and have a secure future. Wala nang libre sa mundo at ang tanging pambayad niya ay ang kanyang katawan. She should be glad. Not every person was as lucky to have anything at all to sell.

The mansion, like everything else in the villa, was elegant in an understated fashion. It looked like a French chateau the color of chalk with a blue roof. Malalaki ang mga bintana niyon. Mayroong malaki at bukas na

terrace sa gitna ng mansyon, sa second storey. Ni hindi alam ni Martina na mayroong ganito kagandang structure sa lugar na iyon. The villa was located in Laurel, Batangas. Napakalapit niyon sa Tagaytay kaya nahuhulaan niyang malamig kapag magtatapos na ang taon. It was two hours from Manila on a good day, but seemed like a universe away. She can easily imagine herself in France on a summer day.

Naglakad na siya patungo roon at bago pa man makalampag ang door knocker ay bumukas na iyon. Aminado siyang nabigla nang makita ang babaeng nakasandal sa pinto. Alangang-alangan ito sa mansyon. *Shit just got real,* sa isip-isip niya. The woman was probably in her sixties. She had very large breasts. Nakasilip ang nagyayabang nitong cleavage na may wrinkles sa tube top na kulay orange. Ang pang-ibaba nito ay isang mahabang sarong. Napakanipis ng sarong kaya tanaw ang bikini ng babae na kakulay ng tube top nito. Oh, yes, the woman sure

looked like a whore, or someone who used to be one. Ang makeup nito ay hindi subtle. Pulang-pula ang mga labi ng babae, makapal ang foundation na mas maputi sa mukha kaysa sa leeg, ang kilay ay iisang guhit lang, at mayroong makapal na nose line. Martina thought the woman was probably pretty when she was young but it seemed she never learned how to properly use makeup. And perfume. Dahil umaalingasaw ito. Nakilala niya ang amoy ng matanda, Chanel No. 5. Martina was sure Coco Chanel would not like this at all for she probably did not concoct a masterpiece with whores in mind.

*You are being too judgy,* babala niya sa sarili. *Remember, you're a whore now, too. You better stop being such a snob. You only look rich, but your bank account says you're broke as hell.*

"Good afternoon," bati niya sa babae.

Ngumiti ito. "Good afternoon, hija. Tuloy."

Tumango siya at sumunod sa babaeng naunang pumasok. Mukhang kilalang-kilala

na nito ang mansyon. Martina couldn't help but get even more fascinated by how well-appointed the place was. Ang unang makikita pagkapasok sa mansyon ay ang grand piano na itim sa tabi ng isang mataas na hadgan. Sa likod ng piano ay makikita ang glass wall panels. Behind that was a garden and across that was another wing of the mansion. Hula niya ay nandoon ang silid ng mga babae.

"Ilang taon ka na, hija?" tanong ng babaeng malaki ang hinaharap. She guessed this lady was the madam of the harem. Kailangan pa ba ng isang madam sa ganoong lugar? Martina wanted to ask but now was not the time, she knew.

"Twenty-six po." Alam niyang sa trabahong iyon ay mahalaga ang edad. Alam din niyang hindi na siya "prime specimen" sa edad niyang iyon, pero may laban siya. Her body did not change much from the time she was eighteen. She looked as fresh as well. She was blessed with good genes.

"Ako nga pala si Nelia. Ang tawag sa akin

dito, 'Mommy Nel.' Kung sakaling isa ka sa magiging anak-anakan ko, 'yan din ang itatawag mo sa akin. Magkakasundo tayo basta't susunod ka sa habilin ko. Ayoko ng malikot ang kamay, tsismosa, maarte. At 'wag na 'wag kang pipitas ng bulaklak sa rose garden ko dahil diyan tayo mag-aaway. Halika, sumama ka sa akin."

Naglakad sila patungo sa hardin. Madaming halaman doon at sa dulo, sa bahaging hindi tanaw mula sa foyer, ay mayroong mga lounging chair. Nakapuwesto sa tatlo ang tatlo ring babae na busy sa sunbathing. They were all nude. Iyon ang unang indikasyon na kakaiba ang mansyon. Mukhang balewala kay Mommy Nel.

"Ano nga pala ang pangalan mo, anak…" Natigilan ito, siguro ay napansin ang kanyang reaksiyon sa mga babaeng nakahubad. "Naninibago ka?"

"Martina po. Hindi naman po ako masyadong naninibago, konti lang." She had seen naked sunbathers, of course, after all, she

had traveled the world, but seeing the naked women in the mansion made things "real" to her.

"Kailangan mong masanay kung gusto mong tumagal dito. Madami ka pang makikitang hindi mo inaasahan."

"Naiintindihan ko po, Mommy Nel… Puwede ko bang itanong kung kasali po kayo?"

Tumawa ito. "Bruha ka. Nakakatuwa naman na naisip mong kasali pa ako. Nakakakilabot na ideya. Para ko nang anak ang mga 'yan at kahit si Javier."

Madami pa siyang gustong itanong pero nakatawid na sila sa garden at pumasok sa kabilang bahagi ng mansyon. The living area was fit for royalty. Mayroong hagdan sa magkabilang panig noon sa kaliwa at kanan. Akala niya ay tataas sila sa kanang hagdan dahil sinabi ni Mommy Nel na sa itaas sila pupunta, pero sa halip ay nagtungo sila sa likod ng hagdan. Mayroong maliit na elevator doon.

"May rayuma na ako. Pinasadya ni Javier ito para daw hindi na ako mahirapan."


Hindi alam ni Martina kung ano ang iisipin. Was she supposed to feel relieved that there seemed to be some goodness in Javier? Pero bakit niya iisipin na wala in the first place? So the man had some serious sexual appetite, did that mean that he was a bad person? Of course not. She had to remind herself that sex was not a bad thing. Ang importante ay mayroong consent.

Nang makarating sa ikalawang palapag ay nagpunta sila sa isang silid. Binuksan iyon ni Mommy Nel. Isang babaeng maganda ang naroon. She was wearing a pair of shorts and a black shirt.

"Iiwan ko na siya rito, Kate. Martina, ito si Kate. Siya na ang bahala sa 'yo."

"Hello there, fresh meat," ani Kate, nakangisi.

***Available:*** E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee




**His Mind**
**A Harem Novel**
Vanessa
E-book | Paperback

# HIS MIND
## (FOR ADULTS ONLY)

Once upon a time, Isobel was an heiress to a vast fortune. But life happened and now she's a pauper. Isa siyang out of work teacher, struggling farmer, assistant ng barangay, at lechonera. Isang araw ay may nakita siyang lalaking bastos sa ilog na muntikan na niyang naitak. As it turned out, the man was Keith Rodriguez, the new owner of her family's land, a world-renowned chef and entrepreneur, and a first-rate jerk, in Isobel's opinion.

Yet somehow, she found herself in a mad battle of mind versus lust. She couldn't keep her hands off the man. Soon, her heart started to yearn for more. She decided to seize her happiness… She was confident he wouldn't hate her too much and learn to love her somehow. But she made a mistake and oh, was he mad. He said, "Trust me, you're never going to get away with this. You're gonna pay."

She can only hope that the man can accept the only currency she had—her body.

# CONTENT WARNING

This book is for adults only;
contains explicit language,
graphic sex scenes,
and NSFW illustrations.

# CHAPTER ONE

*Nakakatukso ang alok na `yon—magbenta ng aliw. Hihiga lang ako, bubukaka, magkakapera na. Ano ba ang sugal doon kung wala namang makakaalam at gagamit naman ng condom?*

Panay ang buntong-hininga ni Isobel habang tinatabas ang mga talahib sa daan gamit ang hawak na itak. Kung kaya niyang linisin ang buong farm, noon pa sana niya ginawa. Pero wala siyang oras para doon, lalong walang pera para kumuha ng tauhan. Ang mayroon siya ay utang. Laksa-laksang utang.

Sa tuwing parang matatapos na ang

kanyang mga problema, bigla na lang mayroong darating. Ganoon ang sistema nitong nakaraang ilang taon. Para bang mahirap nang makita ang kasiyahan sa mundo dahil ang kanyang problema ang nangingibabaw. Pero hindi siya puwedeng sumuko. Nandiyan pa si Lolo Daniel na alam niyang kahit may problema ay sumusubok namang ayusin iyon.

Tumigil siya saglit sa paglalakad, inalis ang sombrero sa ulo, ipinaypay sa sarili, uminom ng kaunting tubig mula sa water bottle na nakasukbit sa pantalon, saka nagpatuloy. Umaasa siyang makakakuha ng labong malapit sa ilog, bukod sa mga kawayan. Matagal na siyang hindi nakakarating sa lugar na iyon dahil masyadong malayo, mahihirapan siyang bitbitin ang mga kawayan. Pero ngayon, kailangan talaga niyang maghanap ng pagkukunan ng pera. Walang-wala na siya.

*Kailan ba nagkaganito ang lahat? Patulan ko na lang kaya `yong alok na magbenta ng*

*aliw? Bakit, hindi ba at nagbebenta rin naman daw ng aliw ang mga sikat na artista? Sila nga, malaki na ang sahod, ginagawa pa rin `yon. Ako, walang-wala na.*

Parang gustong mapaiyak ni Isobel, kung hindi lang sa katotohanang medyo namanhid na rin siya sa walang katapusang problema. Sa nakalipas na dalawang linggo ay lalong parang gumuho ang kanyang mundo nang mawalan siya ng trabaho. Isa siyang teacher sa private school, inaawitan ang posisyon sa public school dahil mas malaki ang sahod, pero pansamantalang nag-private muna kahit halos barya lang ang kita. Kailan lang kasi siya nakapagtapos ng pag-aaral kahit twenty-eight na. Hinagupit siya ng buhay. Hindi naman ganoon ang lahat noon.

Isinilang siyang may pera. Malaking negosyo ang farm noong araw. Pero dahil na rin sa pagkakasakit ng kanyang lola, mga magulang, at tiyahin, lahat ng ari-arian nila ay naibenta. Of course, she would have done the same if she were in her grandfather's shoes.

Hindi niya sinisisi ang kanyang lolo na ganoon ang ginawa para maisalba ang pamilya. At ngayon, silang dalawa na lang ang natitira sa mundo at nabaon ito sa lungkot, natutong uminom. Siya ang tumatayong tagapamahala ng farm na may ilang buwan nang nailit. Hindi niya alam kung saan sila pupuluting maglolo kapag dumating na ang awtoridad. Nakahanda na ang mga gamit nila, ready-to-go. Ang payo ng isa niyang kakilala ay umalis na sila. Pero paano niya gagawin kung wala siyang pera? Ang pangrenta niya sa kung saang kuwarto ay sayang naman kung hindi pa naman sila pinapalayas sa farm. Isa pa, kapag nabili na ang lupa ay baka mangailangan ng katiwala ang bagong may-ari. Sila na lang ng lolo niya dahil wala na silang mapupuntahan.

Nag-apply na si Isobel sa ibang eskuwelahan, kahit sa medyo malayo. Pero wala pa ring reply. Paano siya sasagutin kung kalagitnaan na ng school year? Nasesante siya sa dating pinasukang private school dahil

nakaaway niya ang anak ng may-ari. Dinidigahan kasi siya at nahuli niyang nakasilip sa bintana ng banyo habang umiihi siya! Aba'y natural na sinugod niya. Siya ang nasesante. Nagreklamo siya sa kinauukulan pero nasaan daw ang ebidensiya niya. Just like that, wala na siyang trabaho.

Unfair ang mundo.

*"Sinasayang mo ang ganda mo dito sa probinsiya, Isobel. Sinasabi ko na sa `yo noon pa na may alam akong lugar kung saan mapapakinabangan mo `yang alindog mo. Hindi ko alam kung bakit ka nagtitiyaga maging teacher. Magkano ang sahod mo?"*

Paulit-ulit ang mga salitang iyon sa isip ni Isobel. Ilang ulit na niyang narinig ang ideya, sinabi sa iba't ibang paraan pero laging lumalabas na parang siya ang tanga na hindi sinusunggaban ang opportunity, para bang sa multilevel marketing lang.

*Open-minded ka ba, girl? Kikita ka dito. Kipay lang ang puhunan.*

Gusto niyang matawa sa isipin, kung hindi

lang niya seryosong kinokonsidera. Parang naiiyak siya sa sitwasyon. Bakit siyang totoong nangangailangan ang nalagay sa ganoon at kapag nalaman ng sambayanan na nagbenta siya ng aliw ay ituturing na walang-kuwentang tao, samantalang ang dami-daming mga politikong buwaya na bottomless ang ginagawang pagnanakaw sa bayan pero "honorable" pa rin ang bansag? Hustisya naman, please.

Idinikit niya ang balikat sa gilid ng mukha para pahiran ang pawis, patuloy sa pagtatabas ng talahib. Sana madaming kawayan para maibenta rin niya ang iba, habang ang iba naman ay kailangan niya sa pagle-lechon. Hihilahin na lang niya ng jeep ang mga kawayan kapag naikamada na sa sinaunang trailer. Tutal, nakakahiram naman siya ng gamit ng barangay bilang isa siyang barangay worker. Pati iyon ay pinatulan niya dahil may sahod, hindi man malaki. Puwede nang pambili ng bigas. Kapag Pasko at kapag eleksiyon, mayroong bigay ang mga politiko.

Hindi siya tumatanggi sa mga bigay, kahit pa kung noon ay ni hindi niya iyon tatanggapin.

Sabagay, halos hindi na maalala ni Isobel ang panahong sosyal pa siya. Mula iyon kinder hanggang third year high school. Noong fourth year, nag-transfer na siya sa public school sa probinsiya. Rebelde siya noon, hindi naiintindihan na wala na silang pera. All she wanted was to go back to Manila and be with her rich friends. Ilang ulit siyang naglayas at ilang ulit na sinundo ng kanyang mga magulang. Noong panahong iyon, kamamatay pa lang ng lola niya.

How she hated studying in the province. Ang liit ng tingin niya sa mga kaklaseng anak ng magsasaka. She thought she was better than them all. Siya ang kondesa, siya ang prinsesa, at lahat ng mga kaklase niya ay mababa sa kanya. Hanggang sa biglang magkasakit ang kanyang ina. Ang dami nang nawala sa kanila noong mga panahong iyon kaya siya inilipat sa public school. Still, the farm seemed to be doing okay so she felt like

she was being deprived of a life she was accustomed to without reasonable explanation.

Pero isang araw ay kinausap siya nang masinsinan ng kanyang ama—noong panahong may sakit na ito—at ipinaliwanag sa kanya ang totoong financial situation ng pamilya. Sa mga sandaling iyon siya nag-mature. Habang umiiyak ang kanyang ama at sinasabing maging ito ay mayroong sakit, antimanong nabura ang lahat ng pagrerebelde niya.

Pumanaw ang kanyang ama pagkalipas ng tatlong taon. Siya ang nag-alaga rito kaya hindi siya nakapagpatuloy ng pag-aaral. At ang kanyang lolo na isang don noong unang panahon, nawala ang social status.

Nagsunud-sunod ang dagok ng buhay nila mula noon at heto na siya ngayon. Naaalala pa niya na kahit nasa high school pa lang ay may dermatologist na siya, palaging nagpupunta sa Europe at Amerika, may sariling sasakyan at driver. Masyado nang

malayo ang buhay niya ngayon sa noon na parang ibang tao na ang privileged teenager na iyon sa kanyang nakaraan; hindi na niya makilala, hindi na niya alam kung nag-e-exist pa. Para rin siyang nabura na sa mundo ng mga dating kaibigan. Sabagay, bata pa sila noon. Pero kapag minsan na nakakapag-internet siya, hinahanap niya ang mga dating kaibigan at nakikitang maayos ang buhay ng mga ito. Same old, same old—rich, privileged, beautiful. Kung minsan ay naiinggit siya sa mga ito pero kasabay niyon ay isang tanong: sino kaya sa mga ito ang magpapautang?

Pero hindi rin naman niya makuhang mangutang sa mga dating kakilala. Hindi naman siya ganoong klaseng tao na ilang taon nang hindi nakikita ang kakilala ay biglang susulpot para mangutang. Besides, alam niyang hindi rin siya pauutangin ng mga ito, mapapahiya lang siya. At alam niya kung paano ang mapahiya pagdating sa panghihiram ng pera. Alam niya ang

pakiramdam na hindi na nga pinautang ay ipinahiya pa. Napaka-unfair din ng kasabihang, “Beggars can’t be choosers.” Sobrang mapangmaliit. Por que ba beggar ka, wala ka nang karapatang mamili? Pero sadyang ganoon ang tradisyon ng mundo.

“Tsk, `kainis,” sambit niya nang makitang ang mga kawayan na magaganda ay malapit na sa ilog. Mahihirapan siyang hilahin ang mga iyon sa patag para ikamada. Siguro ay aabutan na lang niya ang isang kakilala para makatulong. Masama ang loob niya sa ganoong ideya dahil kahit kaunting abot, mabigat para sa budget niya. Pero kung sakali naman na may bibili agad ng mga kawayan, ayos lang. Medyo marami-rami naman siyang makukuha. Malapit na rin ang piyesta kaya kailangan niya ng kawayang pantuhog ng lechon. Wala siyang sariling alaga, pero mayroong nagpapaalaga sa kanya para gawing lechon. Siya rin ang nagle-lechon, naturuan siya ng ex-boyfriend—ex-boyfriend na iniwan ang probinsiya dahil sa mga personal nitong

problema.

"Raymond," that was his name, quite literally the son of a preacher man, as his father was a rich pastor. Raymond was the love of her life, the first and the last—well, she thought back then. Perfect Raymond, who loved her but he needed to love himself, too. He needed to find himself. Iniyakan niya ang pag-alis nito. He was her light, her inspiration. He made her see a bright future even though she was in deep financial troubles. Mayaman man ang pamilya ni Raymond ay napakaistrikto sa pera ng ama nito.

But Raymond left that place—*not Isobel*—he couldn't stress that enough. He needed to find peace of mind. Kahit ang kapalit niyon ay ang paghihiwalay nila. She understood and let him go. Ngayon, base sa Facebook profile ay mukhang maayos na ang lagay ng lalaki. Habang siya ay palala nang palala ang problema kaya lahat ng sideline na kaya niyang pasukin, pinasok na niya.

Magsisimula na sana siyang tagain ang kawayan nang makarinig ng tunog ng cell phone. Agad siyang napaigtad, sabay lingon sa paligid. Itinaas niya agad ang itak na dala, dumampot ng patpat para dalawang kamay ang may armas. Trespassing ang kung sinumang may cell phone. Private property ang lupain. Ang ilog ay sakop ng dalawang properties pero ang sa kabila ay matagal nang walang nakatira. Sa pagkakalam niya ay bangko na ang may-ari niyon dahil tulad ng kanilang lupa ay naisangla at nailit iyon noon pa.

Maingat siyang naglakad patungo sa ilog. Mukhang doon nanggaling ang tunog. Wala siyang ibang naririnig na ingay kaya kung sinuman ang naroon ay siguradong nag-iisa. Mayamaya ay nakarinig siya ng kung anong ungol. O ungol ba talaga iyon? Baka naaksidente ang taong umungol! Nagmadali siyang makalapit—para lang matulala sa nakita.

Mariing ipinikit ni Isobel ang mga mata,

pero kusa iyong bumukas para titigan ang lalaking hubad sa ilog—naked and masturbating! Para itong imported na Malakas habang nagso-"solo flight" dahil wala si Maganda.

Magkakasunod ang naging paglunok niya. Sino ang lalaki?! Hindi niya makita nang maigi ang mukha nito dahil nakatagilid sa kanya at puro buhok. Malamang ay hindi ito Pilipino. Hindi yata tinutubuan ng masaganang balbas at bigote ang mga Pilipino. So foreigner ang lalaki? Pero hindi naman maputi. Higit sa lahat, ano ang ginagawa nito roon at pinapaligaya ang sarili?! At talagang ang ganda pa ng puwesto nito, mukhang hindi nagmamadali, dahil hubo't hubad. Parang hindi ito naglakad patungo sa ilog nang biglang maisip na, *"Hmmm, parang okay magsolo dito,"* inilabas ang dapat ilabas, at ibinigay sa sarili ang gusto. Kumbaga sa isang singing performance, hindi nito basta naisipang kumanta sa videoke, kundi naghanda para sa isang production number.

Pero baka naman naligo sa ilog kaya hubad. His clothes were neatly folded on top of a boulder.

Pero bakit?!

*Well, because he can? Because he thought he was alone?*

Siguro nga. Siguro ay hindi naisip ng lalaki na posibleng mayroong ibang tao sa lugar na iyon. Malayo sa bahay nila ang ilog kaya bihira siyang magawi roon, bukod pa sa masukal ang daan dahil nga matagal nang hindi nalilinis at nagagamit.

Walang puhunan si Isobel para makapagtanim. Nasira din ang daluyan ng tubig sa farm at wala siyang pampagawa kaya paano maaalagaan ang tanim kung sakaling magtanim siya?

Dapat siyang umalis at tumalikod pero nanatili siya sa kinatatayuan. *OMG, totoo ba `yan? Bakit sobrang laki?* hindi niya naiwasang itanong sa sarili. Hindi naman malabo ang mga mata niya pero para bang niloloko siya ng mga iyon.

The man's penis was huge, like a porn star's.

Doon siya natauhan. Kung mayroong tamang oras para sitahin ang lalaki, iyon ay ngayon dahil wala itong armas. Tinakbo niya ito, nakataas ang patpat, saka ito pinaghahampas.

"What the fuck?!" sambit nito, mabilis na nakatayo, nakataas ang mga kamay para salagin ang kanyang patpat.

Nakataas din ang nag-iisa nitong "armas" pero hindi niya iyon dapat titigan. Umatras siya, itinaas ang itak na hawak sa kabilang kamay. "Sino ka?!"

"Ako? Baka ikaw."

So hindi foreigner, kahit mukhang foreigner. "Ako?! Ako ang may-ari nitong lupain! Trespassing ka! Trespassing ka na nga, gumawa ka pa ng ganyan?! Bastos ka! Manyak ka siguro. Alis! Alis! O baka gusto mong tumawag pa ako ng barangay?!" Malakas ang loob ni Isobel. Mabait ang mga taga-barangay sa kanya. Para siyang anak ng mga opisyales,

palibhasa ay kinukuha siyang muse ng liga palagi noong araw. Sa katunayan, ang bansag ng mga ito sa kanya ay "Ganda."

"The hell are you talking about?" Nakakunot ang noo ng lalaki, binale-wala ang pagbabanta at itak niya, saka naglakad patungo sa mga damit nito. Agad siyang tumakbo doon at bago pa nito mahawakan ang mga gamit ay hinampas na niya ng patpat ang kamay nito. Kung may baril ang lalaki, eh, `di nadale pa siya!

"Layo! Layo!" Noon siya ginapangan ng kilabot. Malaking tao ang kalaban. Isang bangas nito sa kanya, posible siyang maospital. Agad niyang dinaklot ang backpack nito at isinuot sa isang balikat.

"Will you please be a *normal* person?" anito, bakas ang iritasyon sa tinig.

"Sshh!" aniya, itinaas uli dito ang itak, inihagis ang patpat para magamit ang kamay para kapkapan ang mga damit ng lalaki. Nang masigurong walang armas doon ay humakbang siya paatras. "Magdamit ka na,

bastos."

The man let out an exasperated sigh. Parang bale-wala rito ang kahubdan. At bakit nga naman hindi kung perpekto ang katawan nito?

"Ibaba mo `yan, puwede ba?" anito, nakatingin sa kanya habang nagsusuot ng underwear.

"Tumihimik ka. Wala kang karapatang utusan ako," angil niya, pawisan, nagagalit sa sarili na napadako ang mga mata niya sa bird nito. Oh, God, that was no ordinary bird. That was an eagle!

Hindi na umimik ang lalaki pero halatang hindi ito natutuwa. Wala rin itong pagmamadaling magbihis. Halatang hindi ito takot sa kanya. Mukhang kalmado ito. Hindi iyon normal na reaksiyon ng isang taong takot sa itak. Kinabahan na naman tuloy siya. Bukod sa malaking "espada" sa pagitan ng mga hita nitong nakatago na nga ngayon, hindi kaya may itinatagong armas ang lalaki?

Ugh. Bakit ba sumusulpot ang mga

ganoong isipin sa gitna ng tensiyonadong sitwasyon? She must be insane!

"What's your name?" tanong nito.

"Isobel."

Mukhang sosyal ang lalaki kaya lalo na siyang nagtaka kung sino ito. Baka isang adventurer. Hindi ba at uso ngayon ang mga vlog-vlog? Travel vlogs. Kahit ang ilan niyang high school friends ay may mga video ng travels ng mga ito.

"Isobel, may I have my things now?" anito, wala ni katiting na pakiusap sa tinig. Sa katunayan, parang authority ito kung magsalita. Parang siya ang mali at dapat na niyang ibalik ang kinuhang hindi kanya, eh ito nga ang trespasser!

"Hindi! Sino ka?"

Mukhang lalo itongnainis perosumagot naman, "Keith."

"Wala kang apelyido?" sarkastikong sabi niya.

"I have no time for this shit. Give me my bag now." Mukha ngang naubos na ang

pasensiya ng lalaki base sa pamumula ng mukha nito.

Pero hindi uubra ang ganoon kay Isobel. "Hindi ka man lang ba nahihiya sa akin?" gigil na gigil niyang sabi, kulang umusok ang ilong. Parang siya pa ang nag-aaksaya ng oras nito! Aba, makapal din ang mukha ni Kuya. "Ni hindi ka kilabutan na may ginagawa kang kabastusan dito?!"

"So I was jacking off, big deal. Should I kneel and ask for your forgiveness? Did I tell you to watch? You could've turned your back, you could've let me be. But did you?"

So siya nga ang may kasalanan para sa lalaki. Wow. Just wow!

"Alam mo, hindi matalinong desisyon ang mag-angas sa harap ng taong may hawak na itak. Mahina yata ang utak mo."

Bumuntong-hininga ang lalaki at ang sunod na namalayan ni Isobel ay hawak na nito ang kamay niyang may hawak ng itak, diniinan para mabitiwan niya ang patalim na agad nitong sinipa patungo sa tubig.

Napanganga siya at agad na tinangkang dutdutin ang mga mata ng lalaki—it was supposed to be self-defense. Pero nakailag agad ito at nagapi ang isa pa niyang kamay.

Nagpapalag agad si Isobel pero masyadong malakas ang lalaki. Masyadong malakas at malaking tao. Bigla siyang ginapangan ng kilabot. Ngayon niya na-realize ang katangahan. Pero paano niya maiisip kanina na may laban sa kanya at sa kanyang itak ang isang hubad na lalaking walang armas?

"Bitiwan mo ako!" sigaw niya.

"Shut up."

"Bitiwan mo ako!" giit niya, gumalaw na parang kitikiti.

Pinakawalan siya ng lalaki. Muntikan na siyang tumaob sa batuhan pero naagapan siya nito at itinayo, saka agad ding binitiwan—like she had some virus that can infect him. Masama ang tingin na ipinukol nito sa kanya, saka tumalikod, bitbit ang bag. Agad siyang lumundag sa tubig para kunin ang itak. Pero bago pa niya iyon mahawakan ay nawala na

ang lalaki.

Tumaas-baba ang dibdib ni Isobel, basang-basa, tuliro. Hindi muna siya umahon. Safe ang pakiramdam niya sa tubig. Pero wala nang dahilan para matakot o mag-alala. Wala na ang lalaking mayabang. Nagmamadali na siyang umahon. Kahit gusto pa niyang ipagpatuloy ang pagtatabas ng kawayan ay alam niyang delikado na. Paano kung magbalik ang lalaki na mayroon nang baril?! Kailangan niyang magsumbong sa barangay.

Dali-dali na siyang umuwi. Naabutan niya ang kanyang lolo na umiinom ng alak kahit wala pang tanghali.

"`Wag mo na akong pansinin, apo, at `wag ka na ring magalit. Bigay lang naman sa akin itong alak."

Sa totoo lang ay naaawa siya kay Lolo Daniel dahil hindi nito deserve ang ganoon. Lalong naaawa siyang tumatanggap ito sa bigay na alak ng kung sino. May reputasyon ang matanda bilang magaling na tagapagkuwento, basta't may libreng alak.

Masarap itong pakinggan at kapag pinag-i-Ingles ay sumusunod naman, perfect grammar pa. Masakit sa dibdib niyang isipin na nagkakatuwaan ang lahat at his expense. And all for a bottle of cheap gin or brandy. Pero ano ang magagawa niya kung matigas ang ulo nito? Napakatigas ng ulo. Kahit ilang ulit niyang sinasabi na huwag nang lalabas ay sige pa rin. Kahit paano, iniisip na lang niyang at least, hindi na ito kasing-alcoholic ng noon. Three times a week lang ito lumalabas at gagawin na raw nitong once a week. Hindi na ito araw-araw umaalis at kung saan-saan na lang inaabutan ng tulog. Alam ni Isobel, hindi biro ang pagbabagong iyon. Halos imposible kung pagbabasehan ang karanasan ng ibang alcoholic.

“O, eh, bakit ka basang-basa?” Noon lang nito napuna. Medyo malabo na rin ang paningin nito at ayaw na ayaw magsuot ng salamin.


“May trespasser, `Lo. Sumama na po kayo sa akin sa barangay at baka kayo ang balikan

ng loko."

Mukha namang naalerto agad ang matanda at tumayo. Lumakad na sila. Nang makalabas ng sirang gate ng farm ay sumakay sila ng tricycle kahit malapit lang ang barangay hall. Kailangang mahuli ang lalaking bastos bago makatalilis.

***Available:***

E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee




**His Heart**
**A Harem Novel**
Vanessa
E-book | Paperback

# HIS HEART
## (FOR ADULTS ONLY)

Bettina met Mauro when she was barely legal. People told her to stay away from him—he's bad news and beneath her. Still, she fell deeply in love with him.

But he rejected her. She had to build a life away from him—to save herself, and the baby he refused to accept as his, from more heartaches.

They saw each other again a decade later. He was a different man. How the tables have turned. He's now living in luxury, while she's struggling to survive.

There's one thing that didn't change though—Mauro was still temptation personified. She still found him irresistible. And like the devil, he seduced her and made an offer that was hard to refuse—a good life for her and her son in exchange for marriage.

She wondered if a marriage can last with just lust as its foundation, because it was all they had. And yet, she wanted to dive right back in and explore the depths of her desires for the only man she had ever loved.

# CONTENT WARNING

This book is for adults only;
contains explicit language,
graphic sex scenes,
and NSFW illustrations.

# CHAPTER ONE

*I am still in love with him,* Bettina thought as she looked at Mauro, standing meters away from her.

She thought it was unfair that he was even more handsome now, making him even more attractive than ever before. And she had to stay guarded. Her feelings seemed fragile sometimes when he was near. Nasaan ang hustisya kung umaapaw ang physical attraction niya sa isang taong "forbidden?" *Marupok ka kahit kailan.*

She sighed at the thought. Siguro ay hindi tama na ganito ang maisip ng isang babaeng

ikakasal para sa lalaking pakakasalan. Pero paano niya magagawang maging mas tradisyonal kung ang kasal na iyon ay hindi rin naman tradisyonal?

May nakapa siyang kaba. Palagi iyong sumisingit sa dibdib niya kapag naiisip ang mga pagdududa tungkol sa kasal na iyon. May narinig siyang nagsabi na kapag daw may kahit isang pagdududa ang isang tao sa pagpapakasal ay hindi na dapat iyon ituloy. That lingered in her mind. But was there any person who never had doubts? Sapat bang dahilan ang kaunting uncertainty sa pagtalikod sa isang kasal kung ang dahilan para sa pag-iisang dibdib ay higit na mahalaga sa kahit na ano pa?

Heto ang dahilan, nakangiti sa kanya, abot-kamay na—ang kanyang nag-iisang anak. Maurizio, that was his name. Ang palayaw nito ay "Rizzi," pronounced "Rit-zih." The boy insisted in being called "Rizzi," so it was what everyone called him. Bahagi ng personalidad nitong maging mariin kapag

may gusto, manang-mana sa ama. At age ten, the boy already commanded respect. Kunsabagay, hindi ito mukhang sampung taong gulang. He looked at least thirteen years old. Kulang na lang ay singhalan ni Bettina ang lahat ng mga teenager na nagkakagusto rito, iyong mga kaklase nito sa high school. Kahit na-accelerate si Rizzi ng dalawang taon ay kailangang maintindihan ng mga tao na isa pa rin itong sampung taon. She didn't want him to grow up too fast, she was scared of that. Gusto niyang magkaroon ang anak ng normal na childhood.

Pero siguro ay hindi siya dapat na mag-alala. Rizzi, despite being a little bit too matured, had always been sociable. Nakakatulong din siguro ang katotohanang hindi lang ito basta mahusay sa academe kundi talagang matured din mag-isip. Sometimes, Bettina couldn't help but feel guilty for that. Siya yata ang may kasalanan kung bakit ang anak niya ay parang hindi nagtagal ang kabataan.

One day they were playing with Lego blocks, the next he was reading nonfictions. Kung minsan ay naiisip niyang masyado siyang naging abala sa paghahanap ng paraan para mabuhay sila na hindi niya napansin kung paano nakaapekto ang kahirapan sa kanyang anak. Maybe children raised in poverty were forced to mature quickly. At hayun na naman ang pamilyar na guilt sa kanyang dibdib. Kung sana ay nabigyan niya ng mas maayos na buhay si Rizzi, baka nag-e-enjoy pa rin itong maglaro. Sinong sampung taon ang hindi na naglalaro?

Ah, well, maybe most these days. Nakikita niya rin naman sa social media na iba ang kabataan ngayon kompara noon. Noong ten siya, gusto pa niya ng Barbie. Ang mga ten ngayon, gusto na ng Ken—ng boyfriend! May nakikita pa siyang nagpi-prenup pictorial o nagpo-propose kahit nasa elementary pa lang!

Even so, Bettina's guilt would always be there. Hindi niya kasi nagawang ibigay sa anak ang buhay na nararapat dito. Hindi niya

maiwasang maisip na kung nabubuhay pa ang kanyang mga magulang, madi-disappoint ang mga ito sa kanya. Ginawa ng dalawa ang lahat para sa kanya pero siya ay hindi nagawa ang ganoon para sa anak. For some reason, she always ran out of luck. Pero palagi rin niyang iniisip na napakasuwerte niya. Having Rizzi as her son made her the luckiest woman alive. But did it make him lucky to have a mother like her?

Anu't anuman, umaasa siyang sa kasal na iyon ay maitatama ang mali. Rizzi would not only have the comfort he deserved but also a father. Napakadali kasing isipin na hindi kailangan ng isang tao ng kapareha. Pero iba kapag pagpapalaki ng anak ang pinag-uusapan. Of course, having none than a deadbeat father was still better but if the father was someone like Mauro, then it was a crime not to make him a part of his son's life.

Siguro ay sasabihin ng iba na puwede namang maging ama nang walang kasal. Naisip din niya iyon. But Mauro said that he

wanted to do the right thing and make them a proper family. *"I grew up not having my parents with me and I would never allow my own son to experience the same thing."*

Alam niyang napakahalaga sa lalaki na hindi matulad dito ang anak, kahit pa nga inakala niyang ayaw nito sa bata noon. That also made her feel guilty when she realized she was wrong and that Rizzi didn't need to live in poverty all these years. Ang dami-dami niyang naging pagkakamali at hindi na iyon puwedeng magpatuloy. If marrying Mauro would make up for all the mistakes she had committed, so be it. She had thought about this long and hard. Sa huli, ang nanaig ay ang katwiran.

Love was for fools.

Sa edad niyang iyon at sa dami ng kanyang pinagdaanan, ang malaking dahilan kung bakit nagdududa siyang pakasalan si Mauro ay ang katotohanang hindi siya nito mahal at wala siyang alam sa sitwasyon ng love life nito. She was so stupid. Sa kabila ng lahat ng

ginhawang ibibigay ng lalaki hindi lang sa kanyang anak kundi para sa kanya, mag-iinarte siya sa ganoong bagay? Bakit, dahil sigurado siyang may makikita siyang lalaking nakahihigit kay Mauro? She was out of her damned mind.

Hindi sa wala nang magkakagusto sa kanya kundi napakahirap pantayan ni Mauro, lalo na at ito ang totoong ama ng kanyang anak. There was simply no substitute. Who can be better than Rizzi's own father? And so one day she thought she had better wear her big girl pants, suck it all in, and do the right thing. Sa tinagal-tagal niyang hopeless romantic, may nangyari ba? At ngayon ay ipagpapalit niya ang pambihirang pagkakataong mabuo ang kanyang pamilya para sa sugal na makakakita siya ng isang lalaking magmamahal sa kanya at kay Rizzi, at sa pride dahil hindi siya mahal ni Mauro tulad ng pagmamahal dapat ng isang esposo sa esposa nito? She was a fool.

But foolishness can be cured. Kaya

tinanggap niya ang alok ni Mauro. Iisa ang goal nila—ang gawing maayos ang buhay ng kanilang anak. Ano pa bang goal ang gusto niya kung iyon na ang pinaka? Kaya lahat ng pagdududa niya ay walang basehan. Lahat ng pagdududa niya ngayon ay force of habit na lang siguro dahil lahat ng bagay sa kanyang buhay nitong nakaraan ay pinagdududahan niya. She wanted to be one of those women who were always self-assured, confident, heads held up. But alas, she was not. Pero ngayon ay kailangan niyang maging ganoon. She was doing the right thing. Nakikita niya iyon sa mga mata ng anak.

Mula nang makilala nito ang ama ay hindi na nawala ang ningning na iyon sa mga mata nito. It was joy. She felt another pang of guilt for she never even saw how much he wanted a father until he met his own. It broke her heart to a million pieces. Palagi niyang naiisip noon na okay lang silang mag-ina, na hindi naiisip ni Rizzi ang ama… until Mauro came and she realized that her son had been

keeping his pain to keep her from feeling guilty. Ganoon ito ka-sensitive pagdating sa kanya. Hindi siguro maiiwasan dahil silang dalawa lang ang magkasama noon pa. Madalas niyang sabihin na sila ang magkakampi, sila ang magkaibigan, na sila na lang ang nasa mundo kaya dapat na palagi silang magkasama.

It didn't occur to her that what she thought were comforting words made Rizzi feel like he needed to protect her, instead of her protecting him. It was painful to realize it. Lalo na at sampung taon pa lang ito pero ganoon na ang nararamdaman. Paano niya ipagkakait sa bata ang isang amang kayang gampanan ang papel mismong iyon? Someone who would make him feel safe. Baka sakali, maging ten years old uli ito.

So yes, despite Bettina's doubts, she was doing the right thing. Marrying a rich, handsome man would only be a bonus. Hindi pa ba siya magiging masaya doon? Ang ibang tao nga ay nagpapakasal nang walang

kasamang ganoong perks. Maraming nagpakasal dahil sa pagmamahal pero sa huli ay naghiwalay din. It was more painful that way, maybe. At least she was coming into this marriage knowing that her would-be husband did not love her. As long as she guarded herself well, this was going to be painless.

Siguro, hindi lang siya sanay sa ideya dahil bata pa lang siya ay sinabi na niya sa sarili na hahanap ng pagmamahalan na tulad ng sa mga magulang. Oh, their love was pure and they loved well, but their life was tough. Their love kept them both strong though. They provided each other with strength. Pero iba naman ang kapalaran ng magulang sa anak at kailangan niyang tandaan iyon. Ang importante, magiging maayos ang kinabukasan ng kanyang anak.

"Okay ka lang, Ritz?" tanong niya sa anak nang makalapit.

"Oo, `Ma. Masaya ka ba?"

"Of course." Pinisil niya ang kamay nito.

Lumapad ang pagkakangiti ng kanyang

anak. Rizzi looked like his father but he was his own person. May sariling personalidad na agad itong nangingibabaw sa ganoong edad pa lang. She was proud of that.

Tumingin siya sa paligid. Hindi niya maiwasang maitanong sa isip, alam kaya ng ibang mga bisita ang tungkol sa kanila ni Mauro? Did Mauro tell them that they were not marrying for love?

*Shut up. What does it matter?*

Hindi lang maiwasang maitanong ni Bettina dahil ang imbitado lang sa maliit na pagtitipon ay ang ilang taong kakilala ng lalaki at ang ilang kaibigan niya. It was supposed to be a grand event at first, a double wedding celebration. Dapat ay kasabay nilang ikakasal ang panganay na kapatid ni Mauro na si Javier, pero hindi iyon natuloy. Sa huling sandali, nagdesisyon si Mauro na mauna na silang ikasal at huwag nang makisali sa selebrasyon ng kapatid.

Kapatid. Napakatagal na panahon na talaga mula nang huli silang magkita ni

Mauro at noon ay ni hindi niya alam na may mga kapatid ito. Ni hindi niya alam na makikilala niya ang ina nito. She had always expected good things to happen to Mauro though, just not at this level.

Ilang hakbang mula kay Mauro ay naroon ang mga kapatid nito. They were all gorgeous men. Nasa ikalawang pew naman ang nanay ng lalaki. She was a woman who had been through so much. Kulay puti na ang lahat ng buhok nito. She made it fashionable though. Napakalayo ng hitsura nito ngayon sa naaalala niya mula sa mga larawang nakita noon sa diyaryo. Once upon a time, the woman made local headlines. Pero hindi niya makita ang bakas ng babaeng iyon dito. Hindi rin siya nag-aalala na mapalapit dito ang kanyang anak. In fact, she wanted her son to get to know his grandmother. Walang ipinakita sa kanya ang matanda kundi kabutihan. Maybe people judged her wrong.

“Masaya ako para sa `yo, `Ma,” bulong ni Rizzi nang makalapit na sila sa altar. Maiksing

lakaran lang ang nangyari. It was a small chapel up the hill in Javier's Batangas property. Napakalamig doon ganoong kasisimula pa lang ng taon. Tulad ng buhay niya, nagsisimula din. It felt like so.

Isa na namang assurance ang sinabi ni Rizzi sa gagawin niya. Ayaw na niyang inaalala siya ng anak. It just wasn't fair.

"Ingatan mo si Mama, `Pa," anito sa ama, nakangiti. Parang pinagbiyak ang dalawa, maliban sa buhok. Sa lahat ng mamamana kay Bettina, ang nakuha ni Rizzi ay ang makapal niyang buhok. Rizzi wore his hair up on a man bun. Gigil na gigil siya sa buhok ng anak pero hindi magawang gupitin iyon, lalo na at nagagawa nitong makalusot sa school.

Sa kung anong dahilan, nalulusutan nito ang lahat. Kahit napatawag na siya sa eskuwelahan noong nakaraang school year, nakalusot pa rin si Rizzi. Kahit ilang ulit na niya itong sinabihang dadalhin sa barbero, palagi nitong ipinagpapaliban hanggang sa kaya na nga nitong itali ang mahabang

buhok. Wala siyang ideya kung paano nito nakukumbinsi ang mga teacher, pero nagagawa nito. That's his charm. Salamat at iyon na ang pinakapilyo nitong pinaggamitan ng charm.

Rizzi's determination reminded her of Mauro's though. Talagang malakas ang dugo ng lalaki na halos walang itira sa kanya pagdating sa kanilang anak. And yet, it was clear to see that they were two distinct individuals. Two outstanding men—well, a man and a soon-to-be man—in her life. One who would love her forever, and one she would forever love… but never love her back, it seemed.

May gumuhit pa ring hapdi sa kanya ang ideya ng panghabang-buhay na pagmamahal. Sa panahon ngayon, hindi na uso ang ganoon. Sa panahon ngayon, "obsesyon" na iyon kung tawagin. She guessed that anything can become an obsession. And maybe an obsession was not exactly bad if it wasn't hurting anyone. And if loving a person

passively for a long time was bad, who was she hurting?

Sometimes, Bettina thought that just because some people couldn't love a certain way, they make that way bad and unhealthy. Who made them experts in matters of the heart anyway? Sometimes, people behaved as if emotions and feelings were simple and uncomplicated; black and white. But feelings were always as colorful as the sky—a gradient of orange and lavender at times, sometimes gray that fades into black, different shades of pastels from pink to teal. Never just black and white. Ganoon siguro ang emosyon niya pagdating sa lalaking pakakasalan.

Pakakasalan. This was their wedding. It still felt surreal. Ni sa hinagap, hindi niya inakala na magpapakasal siya rito na hindi purong pagmamahal ang nasa puso. In fact, her love was the biggest reason why she was kind of scared still. Funny how things panned out sometimes. Kay tagal niyang pinangarap si Mauro pero may panahong kailangan

niyang sukuan ang mga baliw na pangarap. And yet, here they were.

Inabot ni Rizzi ang kanyang kamay kay Mauro. Agad inakbayan ni Mauro ang anak gamit ang isang bisig. She was crying seeing the two; Rizzi seemed to be shedding tears of joy; while Mauro seemed to be so proud of his son. Sadyang mahirap ipaliwanag ang natural na pagmamahal sa anak. She can see it clearly, such strong bond the two had formed in just a few months of getting to know each other.

“Go,” bulong ni Rizzi, saka mabilis na tumalikod. He seemed embarrassed by his parents.

Napangiti si Bettina, saka tumingin kay Mauro. Tumango ito nang bahagya, pinisil siya sa palad, tila sinasabing hayun na ang pinag-usapan nila at wala siyang dapat alalahanin. Bahagya siyang tumango para iparating na nauunawaan niya. They walked to the altar. Kahit malamig ay parang biglang nag-init ang likod ng tainga hanggang batok ni Bettina.

Template ang wedding vows, napakaiksi ng seremonya. Nang makapag-"I do" ay idineklara na silang husband and wife. "You may now kiss your bride," anang nagkasal kay Mauro.

Tumigil yata ang mundo pero hindi pala kailangan ni Bettina na kabahan. Dinampian ni Mauro ng halik ang kanyang mga labi, saglit na saglit lang. And that was it. Still, it was enough to make her knees feel weak.

Nagsilapitan sa kanila ang mga bisita. Namumula ang mga mata ni Rizzi. Alam niyang pinipigilan nito na maluha. Parang tinatarakan ang puso ni Bettina. Ganoon pala katindi ang magiging katuwaan ng kanyang anak sa pagpapakasal nila ni Mauro. Mahigpit niya itong niyakap. She will gladly give him her life if he needed it.

"Sshh, it's okay."

Hayun at nakilala niyang muli ang anak niyang bata at hindi pa binata. In her arms, Rizzi allowed himself to shed more tears.

"Are you all right?" tanong ni Mauro dito.

Tumango si Rizzi at niyakap ang ama. Lumapit sa kanila ang kanyang biyenan at nakiyakap din. Hindi pa nagtagal ay tumulad ang mga kapatid ni Mauro. And then their pictures were taken. Ayaw pumayag ni Mauro na kakaunti lang iyon. He always, always wanted photos with his son.

Bettina's heart also ached for the time lost. Para doon, gusto niyang mag-sorry sa lalaki kahit kapag inisip niya ay hindi niya maturol kung paano sana niya binago ang lahat. Time and circumstances seemed so very cruel to them all. Pero siguro ay hindi na tama ang manisi pa. Ang dapat na lang gawin ngayon ay ang magpatuloy sa buhay at mag-ipon ng napakaraming masasayang alaala.

Nang matapos ang kuhaan ng picture ay lumabas lang sila ng chapel, kung saan mayroong mataas at bukas na tent. Naroon ang dalawang mahaba at malaking mesa. Kasya na ang wala pang treinta kataong bisita roon. Family-style ang handa.

Katabi niya sa kaliwa ang biyenan at sa

kanan si Mauro. Katabi naman ni Mauro si Javier na katabi ang isa pang kapatid na si Nanding. Nasa tapat nila ang kanyang anak na katabi ni Keith, kapatid din nina Mauro. Katabi ng lalaki ang asawa nito, habang katabi naman ni Rizzi sa kabila si Nanay Nelia, ang nanay-nanayan ng magkakapatid ni Mauro.

Marami pa siyang hindi alam masyado tungkol sa bagong buhay na iyon ni Mauro dahil ang mga bagay na inalam lang niya ay iyong mga may kinalaman sa kanila ni Rizzi. Her son, after living with only her as his family for a decade, suddenly had a father, uncles and aunts, and two grandmothers. And everyone loved him.

"How's the wedding planning coming along, Kuya Javier?" tanong ni Keith sa kapatid.

Napatingin si Bettina kay Javier. The man was larger than life. Naku-curious siya sa mapapangasawa nito. A royalty perhaps? A billionaire's daughter? A prime minister? A CEO of a conglomerate? Perhaps an

international human rights defender like Amal Clooney? Ah, she can only venture a guess.

"I don't know," tugon ng lalaki. He sounded bored. "I hired a couple of wedding coordinators so everything should be great."

"Where's the wife-to-be?" tanong ni Martina, asawa ni Nanding.

"I'm a horrible husband-to-be because I have absolutely no idea."

"Are you sure she exists?" biro ni Keith.

Tumawa si Mauro. "Kailan namin makikilala?"

Nabigla si Bettina. Hindi pa pala nakikilala ng magkakapatid ang mapapangasawa ni Javier?

"Before the wedding, I hope. But this? This is not my wedding. This is theirs. Let's talk about them," ani Javier. "Tell me, Bettina, what do you like most about my dear brother here?" Pinisil nito ang balikat ni Mauro.

Napalunok siya. She looked at Mauro. She used to list down every little detail about him.

Kasama sa listahan ang lahat ng hinahangaan niya rito. But now she can't put those into words.

"Sorry," ani Javier. "The gentleman should go first. Mauro?"

Tumingin sa kanya ang asawa. Her heart pounded while gazing into those beautiful eyes of his…

Bettina reminded herself to guard her heart. It mustn't love him as deeply as it used to.

***Available:***

E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee




**His Soul**
**A Harem Novel**
Vanessa
E-book | Paperback

# HIS SOUL
## (FOR ADULTS ONLY)

"I'm not asking you to be! How dare you even suggest that that's what I want!" Ang kapal ng mukha ni Javier del Toro, sa isip-isip ni Victoria, gigil na gigil. Mukha ba siyang nakikiusap na maging knight in shining armor ito?! "This marriage is going to be nothing more than an agreement. Therefore, I expect you to treat me as an equal. If you're expecting an obedient wife who exists to serve your every will, you're going to be terribly disappointed. And if you're expecting sex, then you better put that off the table this instant. I will not have sex with you."

"And the world heaves a collective sigh of relief," he said.

Bastard! Pero hindi siya nagpatalo. "You might find it surprising but not all women find you attractive. Don't think that you're God's gift to women, please!"

"Oh, no, not God, sweetheart. That would be blasphemous now, wouldn't it?" He grinned. "I'm fun and I'd probably seduce you out of your clothes so I'm quite sure I'm the devil's gift to women."

# CONTENT WARNING

This book is for adults only;
contains explicit language,
graphic sex scenes,
and NSFW illustrations.

# CHAPTER ONE

*Paris, France*

Naglalakad sa hallway ng bahay ang isang batang lalaki, edad walo. The kid was dressed in a pair of trousers, a knitted argyle vest of navy blue and red on top of a white turtleneck shirt. He wore immaculate white socks with his initials embroidered in gold, and a pair of perfectly polished leather shoes.

The entire building was owned by the boy's mother, Vivienne, although the family only used two floors every now and then. Vivienne never stayed in a place for long. Mainipin ang

babae.

Napatigil sa paglalakad ang batang lalaki nang marinig ang tinig na pamilyar dito. It took a few seconds before he could tell that it was Adolfo's, his father. Mas pamilyar ang bata sa tinig ng mga tauhan ng pamilya kaysa sa tinig ng sariling ama. Naitanong nito sa sarili kung kailan nga ba huling narinig ang tinig ni Adolfo at naalalang may ilang buwan na rin. Iyon ay nang huling magkita ang dalawa sa Germany. Kahit hindi kailanman nagkulang ng telepono sa alinmang bahay na tinirhan ng bata ay hindi ni minsan nagtangka ang ama nitong tumawag para mangumusta. The boy did not miss the father who had been absent for most of his eight-year existence.

"So where have you been? Busy fucking your flavor of the month?" tanong ni Adolfo sa asawa nito.

Sumilip ang bata sa pintuang nakaawang. Ang mga magulang lang nito ang nasa loob—ang ina ay nakasuot ng isang roba, habang ang

ama naman ay halatang galing sa labas base sa panlamig nitong ngayon pa lang inaalis. It was almost Christmas. The streets of Paris were cold. The boy had heard the servants comment that it was one of the harshest winters they had ever experienced.

Sumagot si Vivienne sa asawa. "Oh, my dear husband, how many times have I told you not to speak to me that way? Do you really want me to take more off of your already small allowance? You should be doing more to increase it, not the other way around."

Nagmasid lang ang bata sa usapan ng matatanda. Hindi na nito mabilang kung ilang ulit nang nakita ang dalawa na nag-uusap sa ganoong paraan. Something told the boy that it was not normal for couples to speak this way to each other, but he couldn't tell for sure. Pero kung ang pagbabasehan ay ang mga palabas sa TV, siguro nga, naisip ng bata, hindi tama ang ganoong usapan ng mag-asawa.

Inabot ni Vivienne ang baso ng alak mula sa mesa at uminom, nakangiti kay Adolfo. She seemed happy for she was smiling but her words were rather sharp. Dapat lang iyon, naisip ng bata, dahil sa mga salitang ginamit ni Adolfo rito, hindi ba?

*"Fucking."* The boy knew what that meant. He had seen what it meant in a Playboy magazine he found in his mother's room. Dinala nito iyon sa sariling silid at nang makita ng nanny ay sinabi ng babae, *"Que faites-vous?! Mauvais garçon! Mauvais garçon!"* And she took it away from him, her eyes both frightened and mad.

Ipinaliwanag nito, maging ng isa pa nitong kasama na si Agnes, isang Aleman, na masama ang babasahin at hindi nararapat sa bata. Walang ideya ang bata dahil nakita naman ito ng ina nang kunin ang Playboy pero hindi nagalit, bagkus ay natawa.

"Javier, come with me," wika sa bata ng isang lalaking matangkad, payat, mukhang propesor, nakapormal na kasuotan. It was

Monsieur Hugo, ang butler ng chateau sa Provence, matigas ang French accent. Dinala ni Hugo ang bata sa kusina, naupo sa tapat nito. “Listen to me, Javier. You must not keep going inside your Mama’s room or listening to adult conversations. You must play. Boys your age play, eh? I will tell my niece to come so you can play, eh, when we are in Provence. But right now, you must read in your room.” Ginulo nito ang buhok ng batang lalaki, pinisil ang palad, mayroong nakapang awa sa dibdib para sa nag-iisang anak ng mag-asawang pinaglilingkuran.

Hindi nag-iisa si Hugo sa pagkakaroon ng lihim na galit sa mag-asawa sa paraan ng pagpapalaki ng mga ito sa anak. Pero bilang isang propesyonal sa kanyang tungkulin ay hindi niya kailanman ipararating sa iba ang saloobin. Sa katunayan, kapag naririnig niya ang mga kasamahan na nag-uusap tungkol sa mag-asawa ay sinasaway niya ang mga ito. *Contraire au code professionnel*, unprofessional, taliwas sa tungkulin niya

bilang maître d'hôtel at sommelier.

Ah, kailangan niyang ipaalala sa sarili na hindi siya isang maître d'hôtel. Pero nagmula siya sa mahabang linya ng mga maître d'hôtel at sommelier, sa mga ninunong nagsilbi sa mga hari at reyna. Ipinagmamalaki niya ang trabaho. Ang kanyang ama na isa sa mga pinakamatagumpay sa larangang iyon ay umasenso sa buhay, nakilala sa buong mundo bilang mahusay na sommelier. Pero sa bisyong sugal na natutuhan sa Las Vegas, kung saan ito nakarating, bumagsak ang kabuhayan ng pamilya kaya siya ay namasukan sa iba hanggang sa alukin ni Vivienne ng trabahong mahirap tanggihan sa laki ng suweldo.

Noong una ay nagtangka si Vivienne na dalhin siya sa kama. Nag-resign siya noon din pero nangako ang babae na hindi na uulitin ang alok. Pumayag siya, hindi kayang tanggihan ang magandang kita.

Sa lahat ng iyon, hindi niya kailanman naisip na mapapalapit ang loob sa anak ng babae, si Javier. *"Poverino,"* `ika nga ng isa sa

mga cook ng pamilya, isang Italiana. "Poor boy." Lahat sila ay nag-aalala kay Javier, ang batang lumaki sa napakaraming magulang, maliban sa mismong mga magulang nito. Kung maaari lang niyang isuhestiyon kay Vivienne na iwan na lang sa France ang bata, iuuwi niya ito sa chateau sa Provence, kung saan siya madalas na nakadestino, maliban na lang kung mayroong party sa Paris at kailangan siya roon ni Vivienne.

How Hugo disliked Paris, even though he lived and trained there for many years. Sa edad niyang ito ay mas gusto na lamang niyang manatili sa Provence kung saan naroon ang kanyang kapatid at ang mga anak niyon.

His sister's husband was Filipino, like Javier's parents. But unlike Javier's parents, Hugo's brother-in-law was not well-to-do at all. Sa katunayan ay isa itong illegal immigrant noong araw. However, he was the kindest person his family had ever known. Again, that was contrary to Vivienne and her

husband.

Sa pagkakaalam ni Hugo ay Filipina ang lola ni Javier, ang ina ng mama nito. Ang ama naman ng babae ay isang European—Pranses, Aleman, Italian, Irish. Hindi mukhang Asyano ang ina ni Javier, lalo na at mamula-mula ang buhok nito, madaming pekas sa mukha, napakaputi, at napakatangos ng manipis na ilong. Si Javier ay nakuha ang hitsura sa ama, na mukhang perpektong pagtatambal ng lahing puti at Asyano. Kung sana ay kamukha ng panlabas ang panloob, sa isip-isip ni Hugo.

"When can I see Bituin again?" tanong ni Javier kay Hugo, ang tinukoy ay ang pamangkin niyang kalaro nito sa Provence. Sadyang pinapupunta niya ang bata sa chateau dahil naaawa talaga siya kay Javier na walang nakakasalamuhang bata. Sa susunod, papupuntahin niya rin kahit ang iba pang batang kapitbahay ng kanyang kapatid. Mas madaming batang makikilala si Javier, mas mae-expose ito sa "normal." Dahil walang

normal sa buhay ng bata.

"Soon. When you visit Provence."

"You're not making my son believe that Provence is a good place now, are you, Hugo?"

He felt insulted but didn't say a thing. He was a professional after all. "Madame," he said with a slight nod.

"My son here," ginulo ng kamay nito ang buhok ni Javier, habang ang isa pang kamay ay may hawak na baso ng alak. "He's like me. He's a jetsetter. What's he gonna do amidst lavender fields? I might sell that place one day, who knows? Mountains and lakes and all the nature, ugh." Tumirik ang mga mata nito, saka uminom ng alak. "Provence bores me to tears. No son of mine will enjoy it. My boy is going to be the manager of the family business. My family, of course. Not your worthless father's, my dear boy." Tumawa ang babae.

Gustong takpan ni Hugo ang tainga ng bata. Hindi niya alam kung bakit hindi man lang sumasagi sa isip ni Vivienne na hindi

maganda ang ginagawa nito para sa anak. Even the way she was dressed was not appropriate! No child should ever see his mother dressed in lingerie and a robe! Had she not read about how serial killers were made? Probably not. No surprise there. It would be more surprising if she cared at all about her poor son.

Vivienne was drunk as always. Maybe even high, too. Valium and alcohol, that was the combination she preferred, although sometimes she used cocaine. Minsan niya itong nakitang naghahati ng pulbos sa ibabaw ng isang salamin. Of course, it was cocaine. God forbid her son sees that one day. Mukhang wala namang balak ang babaeng mag-ingat pero dahil iyon sa wala itong pakialam sa kapakanan ng anak.

It was people like Vivienne who made Hugo think that having a child should require a license after a thorough psychological exam. It was also people like Vivienne who made him ask why money always flowed to the

undeserving.

Vivienne never worked a single day in her life. Mayroong mga namamahala sa negosyo nitong pamanang lahat ng magulang at ninuno. The woman was spoiled rotten. She would not survive without assistance. And she had many.

Isang malaking palaisipan kay Hugo kung bakit nito pinakasalan ang isang tulad ni Adolfo. Maybe because they were once in love. But now they hated each other so why stay miserable and not get a divorce instead? Technically, the two did not live together. Minsan na rin niyang narinig na ininsulto ni Vivienne ang asawa sa hindi pag-iwan dito sa kabila ng lahat. She took pleasure in knowing that the man she married couldn't leave her because she paid for everything he enjoyed.

What a sad life, he thought. Hindi niya ipagpapalit ang simpleng buhay sa isang masaganang tulad ng sa babae. Masagana pero komplikado, malungkot, magulo. What she left in the wake of her tumultuous life was

a child who never talked like a child, never played like a child, and never thought like one, too.

"Prepare us some lunch, please, Hugo," ani Vivienne, ngumiti sa kanya.

"Oui, Madame," aniya, bahagyang yumukod. She could be very charming if she wanted to. And that made her an even bigger monster. Would it kill her to have a loving relationship with her child?

Sinabi niya agad sa kitchen staff na ipaghanda ng pagkain ang mag-ina. "Lunch" kahit alas-singko na ng hapon. Bumalik na siya sa dining room, naghintay sa iuutos ng babae. Kausap nito ang anak.

"Where did Papa go, Mama?" tanong ng batang lalaki sa ina.

"Who knows?" Wala ni katiting na interes sa tinig ni Vivienne. "Why do you even want to know?"

"I'm... I'm merely trying to start a conversation, mother." Yumuko ang bata.

"Ah." Mukhang nainis si Vivienne. "I see

you've inherited your grandfather's condescension. How old are you now? Ten?"

"Eight, mother." The boy seldom called Vivienne "mama," only probably when he wanted to establish a relationship with her. The woman always managed to ruin his attempts.

"And you have your father's face. You didn't get anything from me. You're just two men I absolutely hate—my father and my husband."

"Madame, would you like some—" singit ni Hugo para pigilan ang latay na ibibigay ng babae sa anak nito.

Pero ikinumpas ng babae ang kamay, ibig sabihin ay manahimik siya. "You know what? Maybe I will leave you in Provence so I can get rid of you."

Nagsalita ang bata, diretso ang pagkakatingin sa ina. "Why do you hate me so, Mama?"

Hugo's heart broke for him. Nilunok niya ang bikig na namuo sa lalamunan.

Vivienne said, nonchalantly, "I used to love your father so much. We used to have it all. I knew he married me for my money, but I loved him anyway. We traveled the world. Oh, how good life was back then. My father hated him, and me, as well." Tumawa ito, masaya sa pagbabalik-alaala. "And then one day, I found out I was pregnant with you. As I got bigger, your father looked for someone else. I wanted to get rid of you but it was too late. My father already knew about you and he had me guarded. You came out prematurely. I thought you would die but no, you were strong as a bull even though I drank vodka while pregnant. No matter how much I tried to poison you, you survived. And when you arrived, my life was never the same. You father was never the same. I heard you have a brother. I don't even care anymore. You sucked all the happiness out of my life, my sweet child. Maybe it's time I take it all back." Tumayo ang babae.

Nag-iinit ang tainga ni Hugo sa matinding

galit pero wala siyang magawa. Kung bubulyawan niya si Vivienne tulad ng sigaw ng isip niya, lalo na niyang hindi maaasikaso si Javier dahil baka siya ay sisantehin.

Pero hindi agad umalis si Vivienne. In fact, sadness loomed in her eyes. Hindi iyon nakita ng bata na noon ay nakayuko at pilit na pinipigilan ang mga luhang pumapatak habang mahigpit ang kapit sa magkabilang gilid ng cushion ng upuan, siguro ay doon kumukuha ng lakas matapos wasakin ng ina ang puso.

Vivienne's eyes were wet now. Tumingin ito sa anak. Maybe it was one of the very few moments that she was sober enough to understand what was going on. She said, "I'm leaving you with Hugo, Javier. Yes… Yes, I am." It was almost as if she was getting enlightened by the minute. "You're better off with him anyway."

It was true. Mas maaalagaan niya at ng mga tauhan ng chateau si Javier. The boy would also learn more. Ngayon pa lang ay

marunong na itong mag-French, German, Italian, Mandarin, at Arabic, dahil na rin iba-ibang lahi ang mga tauhan sa chateau. Maganda rin ang eskuwelahan na pinapasukan ng kanyang mga pamangkin. Javier needed to be with children his age. Ang narinig niyang plano ni Vivienne noong nakaraan ay ilagay sa boarding school ang bata pero masyadong malupit kung ganoon. Sa isang banda, salamat na naisipan ng babaeng ipagkatiwala sa kanya ang anak nito.

Tumingin sa kanya ang babae. "Hugo, you will take care of my boy, wouldn't you?"

"*Bien sûr*, madame!" *Of course! Without a doubt!*

Tumango ang babae at pinisil ang balikat ng anak. "You stop crying now, Javier."

"Yes, Mother."

"Always be a good boy."

"Yes, Mother."

"And never, under any circumstance, allow your father to get his hands on my money when the time comes that you're in charge of

it."

"Yes, Mother."

Lumabas na si Vivienne ng silid bago pa makatugon ang anak. Tinawag siya nito at sinabing ipahanda ang sasakyan. In fifteen minutes, with only her small purse that contained her cigarette case, a lighter, and a bank card, she left the house in her signature clothes and a luxurious fur coat. Magkatabi sila ni Javier sa tabi ng pintuan. Hinagkan nito ang pisngi ng anak, tumango kay Hugo, saka lumabas na.

Nang wala na ito ay hinarap niya si Javier.

"How are you feeling, my little boss?" tanong niya.

"Please don't call me that, Hugo," anito.

Napangiti siya. Javier was a very kind boy. Hindi lang iyon halata dahil tinuruan ito ng mga magulang na maging malamig. Someone who never experienced the warmth of a loving home was naturally cold as ice.

"Don't believe what your mother said earlier—"

"I don't want to talk about it. We must leave for Provence first thing tomorrow."

What boy talked like this one? Hindi rin alam ni Hugo. Wala pa siyang nakikilalang batang sa ganoong edad ay may pinalidad na ang desisyon. Of course, being Javier's butler, he nodded.

"Everything will be taken care of, monsieur."

"Javier," pagtatama nito.

He smiled. "Javier."

The kid nodded, his hands behind him like a thinking older man. Gusto nang matawa ni Hugo pero mahirap gawin, lalo na at alam niya kung bakit ito ganoon. But he believed that everything will be better now.

Kinabukasan ay tumuloy na sila sa Provence. Ilang oras ang biyahe pero hindi man lang natulog ang bata, daig pa ang mga kasama sa van na naghilikan pa ang iba. Hapon na sila nakarating sa chateau. Doon ay sinalubong sila ng kanyang kapatid at ng anak nitong si Bituin, kaedaran ni Javier at

nakakalaro sa tuwing uuwi roon ang bata.

Agad ngumiti si Javier nang makita ang kaibigan.

"Kumusta?" anito, ngiting-ngiti.

"Okay naman. Ikaw?" nakangiti ring tanong ni Bituin. She was sweet and warm, a ball of sunshine.

"Okay din. Dito na ako titira."

"Makakapaglaro na tayo araw-araw?" Nanlaki ang mga mata ni Bituin. Gustong-gusto nito ang playground sa isang panig ng chateau. It was created after one of Vivienne's rare "motherly" moments. The woman was not without them, though those were few and far between.

"Oo. Araw-araw, kung gusto mo. Any time you want, in fact."

"Something is wrong about that boy," bulong kay Hugo ng kapatid sa wikang Pranses.

"He just needs a loving family."

"And that's what he'd get," anito, mariin. "It's not right how they're raising him. But

now that they put you in charge, everything will be better for that boy... And for you, Hugo."

Hindi siya agad nakaimik. Mabilis niyang naunawaan ang sinabi ng kapatid. A few years ago, he lost a son. Little François would have been Javier's age had he survived leukemia. The boy's mother never wanted him. Ibinigay sa kanya ng girlfriend ang kanilang anak nang mailuwal. He would have given that child everything he had but he passed away. His sister said he was never the same after that. Hindi niya alam kung totoo iyon. Ayaw niyang pakaisipin.

"He and Bituin are best friends, I think," nakangiti niyang sabi.

And so the boy stayed in Provence with him for two years until one bitterly cold night, he received a call from a maid in the Paris home, "*Madame est morte!*"


Vivienne was dead, the maid said. She overdosed and no one even found out until the following day when she was already cold

and stiff.

***Available:***

E-book and Paperback Direct

Paperback Shopee




**Her Love**
**A Harem Novella**
Vanessa
E-book | Paperback

# HER LOVE
## (FOR ADULTS ONLY)

Sheena has no one else to blame but herself for wasting years of her life loving JDT, a man who told her he could never love her back. Now, her peak reproductive years are over and she realizes she might never have a child, her lifelong dream.

As she's trying to figure out what to do now that JDT is married, she meets Elias, an annoying plumber who thinks he's Mr. Big Shot. He gives her a flower, none of those Ecuadorian roses in big round boxes she's used to, but a garland of sampaguita. Bungi-bungi pa at mas madami ang dahon kaysa bulaklak.

Ang sabi nito, "Ako na lang ang mahalin mo, madame. Masarap akong magmahal."

The audacity of the man! How can he even think he can compare to JDT?!

Ang tugon niya, "Shut up, tubero!"

Pero bakit pagpasok sa silid ay pasilip-silip siya sa lalaki at hindi maitapon-tapon ang sampaguitang bungal?

# CONTENT WARNING

This book is for adults only;
contains explicit language,
graphic sex scenes,
and NSFW illustrations.

# CHAPTER ONE

"You're mine, Sheena. Only mine. Remember that always."

May matinding takot na sumakmal sa puso niya nang marinig ang sinabi ni Benjamin. Looking at the man, no one would suspect he was a pig. He had an innocent face, he was tall and lanky. He had the body of a teenage boy almost. But he was not a very innocent man. May bali-balita na mahilig ito sa babae at isa ito sa mga customer ng mga artistang suma-sideline na prostitute.

It was frightening to think that someone

like him was powerful and responsible for the lives of so many people. Isa itong gobernador at tatakbong senador sa susunod na eleksiyon. He was evil and corrupt, just like his family.

He grabbed her thighs from under the table. "Ang ganda mo, Sheena."

She should tell him no, but she was horrified and stunned. Mula nang makilala niya ito sa pageant night ay hindi na siya nito tinantanan. It had been three years. Hindi madalas ang paglapit nito sa kanya noon dahil may asawa ito pero ngayon ay pumanaw na iyon kaya madalas na lang itong sumusulpot sa mga schedule niya ng photoshoot.

The man terrified Sheena and she didn't know what to do about it. Sinabi na niya ang issue sa handler niya pero ang sabi lang niyon ay aalamin daw kung sino ang puwedeng kumausap sa gobernador.

"Come with me tonight. Ako na'ng bahala sa `yo. Hindi mo na kailangang magtrabaho. Ako lang ang tatrabahuhin mo."

Ginapangan ng kilabot ang kanyang

katawan. She almost couldn't believe the audacity of the man. How can anyone talk to others like this? Hindi ba kailanman tinuruan ang lalaki kung paano makipag-usap sa ibang tao? Nagkaroon ito ng asawa, hindi ba ito natutong makipag-usap sa opposite sex? Hindi niya ma-imagine kung paanong na-attract dito ang asawa kung ganoon ito. He was a vile, disgusting creature but he was powerful as well. She didn't want any trouble.

"Gov, I'm sorry, but I need to go," nakangiting sabi niya, kahit gustong sikaran ang lalaki. It was so hard dealing with people like him. Why are men such jerks?

Nagmamadali na siyang tumayo. Hinanap niya ang kanyang manager. Nasa isang dinner siya, para iyon sa mga batang nangangailangan ng tulong. She had always loved children. Sa halos lahat ng charity dinners na para sa mga bata ay naroon siya. Palagi siyang iniimbitahan na magsalita dahil noon sa pageant ay iyon ang sinabi niyang bokasyon.

But unlike other beauty queens, she meant what she said. She really wanted to help children. Lumaki siyang ulila at lumaki sa isang tiyahin. Her life was hell. Kung hindi pa sa tulong ng isang college professor na nagpakilala sa kanya sa mga kaibigan niyong naghahanap ng ilalaban sa pageant, malamang na ang buhay niya ay tulad pa rin ng dati.

Sheena came from a well-to-do family. Pero dahil ang kanyang magulang ay pumanaw nang sabay sa isang aksidente noong siya ay limang taong gulang, tumira siya sa kanyang tiyahin na ni hindi malapit sa kanyang ama. It was her father's older sister who was a very accomplished banker.

Para sa pagpapaaral sa kanya ay kinailangan niyang magsilbi sa tiyahin. Ang lahat ng bakanteng oras niya ay nauubos sa mga ipinapagawa nito. The woman opened a business even though she had no time for it—dahil siya pala ang gagawin nitong manager nang walang suweldo. She was nineteen then.

Sa ganoong edad, siya na ang nagpe-present ng business plans sa mga franchisee. It was a food business franchise. Siya ang humawak niyon kahit wala siyang ideya noong una kung ano ang gagawin. She had to know. Tinuruan naman siya ng tiyahin pero madami siyang kinailangang gawin nang mag-isa.

But somehow, she managed to make it work. Siguro dahil natural siyang makarisma sa mga tao, wala halos seminar attendee na hindi kumukuha ng franchise. In just one year, they were able to sell thirty franchises. Naging tatlo agad ang kanilang pantry sa sumunod na taon. All the while, she had to study for college.

Kalaunan, inabutan na rin siya ng tiyahin ng kaunting pera. It was bullshit because the woman was earning big money. Ni hindi siya nito nagawang i-enroll sa private university. Wala naman siyang reklamo sa eskuwelahan dahil maganda ang UP, pero hindi puwedeng sabihin ng tiyahin niyang natumbasan nito sa

pagpapaaral sa kanya ang perang ipinanhik niya rito.

Huling taon niya sa kolehiyo, sinabi sa kanya ng tiyahin na pagka-graduate niya ay siya na ang kukuning manager. She was told she would be getting a "good sum of money." Hindi na siya umasa doon at alam niya na kapag nagtagal siya, lalo siyang hindi makakaalis. She was secretly trying to find a way to get out of that situation. Enter the world of pageantry.

Siya ang naging representative ng bansa sa isang international pageant pagkatapos niyang maging placer sa local pageant. She won first runner up in the international competition. Iniwan na niya ang tiyahin. Galit na galit ito pero sa huli ay wala ring nagawa.

Since then, Sheena had been living alone but making ends meet through the offers that poured in. Nakapagsimula siya ng isang maliit na business na ngayon ay malaki-laki na rin. Alam niyang hindi magtatagal ang kanyang

hanapbuhay sa harap ng entablado, lalo na at hindi naman siya talented para maging artista, bukod sa bihira naman ang beauty queens na nagiging matagumpay na artista.

Everything in her life was okay, except Benjamin.

Hindi niya nakita ang kanyang handler kaya nagpasya siyang umuwi na lang pagkatapos hagilapin ang host para magpaalam. Anyway, her work there was done. Nang makarating sa parking area ay nagtayuan ang kanyang balahibo nang makita si Benjamin. Naghihintay ito sa kanya.

*How the hell did he even know that's my car if he isn't stalking me?*

Hindi niya alam kung ano ang tamang gawin. Kung tatalikod siya ay mararamdaman ng lalaki ang kanyang takot. Wala naman itong ginagawang masama so far at hindi siya naniniwalang gagawa ito ng masama sa ganoong lugar. He wouldn't risk it, would he? Hindi rin naman siguro nito isusugal na gawan siya ng masama. That would hurt his

image. Mas sikat siya kaysa rito.

"Come now, Sheena," anito.

Ngumiti siya sa lalaki, pilit itinago ang kaba. "Gov, ano'ng meron?" Lumapit siya.

"Let's make this night interesting, shall we?"

"What do you mean?" nakangiti pa ring tanong niya, patay-malisya.

"Sumama ka na lang sa akin para wala na tayong problema."

Noon siya nagseryoso. "With all due respect, Gov, may kukunin lang ako sa kotse ko. Hinihintay ako ni Jomar," tukoy niya sa handler. She was silently thinking of ways to get away.

Noon pumarada ang isang SUV sa tapat nila. Bumukas ang pinto niyon. Isang goon ang lumabas at nanatiling bukas ang pinto ng sasakyan.

"Please, my dear, come with me," ani Benjamin.

"I'm sorry, Gov. May gagawin pa kasi ako."

"Get in," mariin ang tinig nito.

"No."

"Get in, Sheena. Masama akong magalit." Itinaas ang coat para ipakita ang isang baril.

"Are you really gonna shoot me here, Gov?" tanong niya, nakadama na ng galit.

"Yes."

"Then go." She pointed at the cameras. "One, two, three, four cameras. Go ahead and kill me." Tumalikod siya at tumakbo pabalik sa hotel.

She felt so much relief that she cried. Dahil basa ang mga mata ay hindi niya napansin ang isang taong paparating. Nabangga niya ito. The man was as solid as a wall. Muntikan na siyang matumba. O baka dahil iyon sa panghihina ng mga tuhod niya sa matinding panghihilakbot?

"Are you all right?"

She looked at him and was stunned. He was the most handsome man she had ever laid eyes on.

"You don't look well. Is there anything I can do to help?"

"Y-yes. I'm trying to run away from someone."

"Who?"

"G-governor Benjamin Soriano."

"And you should. He's a sleazy bastard. Come with me."

Sheena did. Nanigas siya nang makitang pabalik sila sa parking area. "N-no. He's there."

"It's okay."

Hindi niya alam kung bakit agad siyang nagtiwala sa lalaki. Hindi pa man sila nakakarating sa parking area ay nakasalubong na nila si Benjamin.

"Governor, how have you been?" bati ng lalaking kasama niya rito.

"I've been well. Do you know each other?" Halatang naiilang si Benjamin, pero may kasamang pagkainip o galit ba ang tinig nito?

"As a matter of fact, we do. I heard you're interested in her but I'm afraid she's not interested in you."

Halos mapasinghap si Sheena sa lakas ng

loob ng lalaki sa kanyang tabi. Napatingin siya rito. What a guy. But who was he?

Mukhang napahiya si Benjamin. "I thought she was."

"Well, she's not. Do me a favor, will you? Give her to me, all right?"

Itinaas ni Benjamin ang mga balikat, tila sinasabing, *'sure thing.'* "No problem to me. You two take care now." Nilagpasan na sila nito.

Nagpatuloy silang maglakad ng estranghero papalabas. Mayroon nang naghihintay na SUV doon. Inilahad ng lalaki ang kamay sa kanya. She looked at his face. Who was he?

"What's your name?" she asked.

"Javier. You're safe with me. Please, allow me to take you home."

NANGINIG si Sheena sa galit at stress. She was suddenly three million pesos in debt. And it was all because of Benjamin Soriano. The man went out of his way to sabotage her

business. Nagawa nitong kontakin ang kanyang mga supplier at ilan doon ang nag-back out na. Tuloy, ilang kontrata ang hindi niya nagawa kaya napilitan siyang mag-refund. Ang mga nailabas niyang pera para sa down payment ay hindi na niya nabawi. Ang dami niyang stocks ngayon na walang order.

She was selling corporate gift boxes. Curated ang lahat ng mga iyon at pasadya kaya paano niya maibebenta kung mayroong logo? Paano rin niya hindi ire-refund kung hindi niya na-deliver on time sa okasyon na paggagamitan? Hindi siya nakatupad sa kontrata at puwede niyang idemanda ang ibang supplier pero mukhang mayroong mahabang pisi ang mga iyon para labanan siya sa korte. It will take too much of her time and it will be too long. Ipinaliwanag iyon sa kanya ng abogado. In the end, sa bagal ng justice system sa bansa, siya pa ang lugi sa lahat ng bayarin.

Bukod sa lahat ng iyon, naging stalker na niya si Benjamin. The man would always be

there. Kung minsan sa gabi ay nagri-ring ang phone niya at wala namang sumasagot sa kabilang linya. The calls always came from a private number.

Her life was being turned upside down and all because some asshole thought she was attractive. Hindi niya matanggap na ang buhay niya ngayon ay sinisira ng iisang tao lang. How can someone be so destructive?

"God..." sambit niya nang buksan ang isang sobre. It was one of five demand letters from people she still owed money. Hindi na niya alam kung ano ang gagawin. She weighed her options.

Puwede siyang lumapit sa tiyahin pero siguradong higit pa sa normal na interes ang ipapatong sa kanya at baka hindi na siya makaalis kailanman sa poder nito. Clearly, that was not an option.

Puwede siyang mangutang sa mga kakilala, pero hindi aabot sa halagang kailangan niya. Masisira ang kanyang pangalan at kakalat ang balita. Lalo na siyang mababaon kung

malalaman ng mas maraming tao ang kanyang lagay.

Puwede niyang tanggapin na lang ang lahat, kausapin si Benjamin, tanggapin ang alok nito, hintayin na may dumating na bagong babaeng pag-iinteresan ang lalaki, at habang ganoon ay magpapayaman siya. But she might end up like his wife though, now that she thought about it—she might end up dead. Ano ba ang malay niya? Ang dati nitong asawa ay isang campus beauty queen. Benjamin had a type, and he had a way of destroying his type if he couldn't get them. Baka tulad ng nangyayari sa kanya ang nangyari noon sa asawa nito. He was so pathetic that he had to do all that just to get a girl.

No, she won't do it. Never.

Her last option would be to become a whore. Indeed, a whore. Noon pa naman mayroong nag-aalok sa kanya. Isang open secret iyon na madaming babae ang pumapasok sa ganoong larangan. Hindi

nauubusan ng kliyente ang high-class prostitutes. Sometimes, they were even sent abroad to service sultans, kings, princes, and businessmen.

Would that really be a much better option than just be Benjamin Soriano's girl?

Mabilis ang pagdating ng sagot sa kanya. Indeed, it was better. Many times over. Ang maganda lang kung papatulan niya si Benjamin ay ang katotohanang ito lang ang makakapareha niya. Pero ibig sabihin noon ay nanalo ito, nakuha siya sa pananakot, sa pagsabotahe. Bukod doon, hindi rin niya alam kung kailan ito magsasawa sa kanya. At kung sakali man, papayag ba itong makalaya siya o tulad ng una nitong asawa ay bigla na lang siyang mamamatay? His wife died in a fire. Sino ang makapagsasabi kung totoo bang aksidente iyon o sinadya? The more she thought about it, the more convinced she was that he killed her. She didn't want to end up like that.

Napahagulgol siyang bigla. Ang lahat ng

kanyang pinagpaguran ay nauwi na lamang ngayon sa ganoon. And all because a certain man couldn't accept that she didn't want him. Nagagalit siya, pero kasabay niyon ay isang desperasyon. Anong klaseng buhay pa ang nakalaan sa kanya kung wala na siyang pagpipiliang gawin ngayong kailangang-kailangan niya ng pera?

*It's so unfair. And it's not right.*

Pero alam niyang kahit ano pa ang gawin niya ay wala na siyang magagawa pa sa sitwasyon kundi ang magpatuloy. She will not allow Benjamin to defeat her. Even if it meant sleeping with rich men to pay all her debts.

Tinawagan niya ang kilalang "manager" or "madam" ng mga artista. She was a real-life talent manager, kaibigan ng mga politiko. Lahat ng kaibigan nitong politiko ay hinding-hindi niya ibinoboto. Noon pa, alam na ng lahat halos na ito ang nagdadala ng mga babae sa matataas na tao. She had never pictured herself calling her but there she was.

"Hello, Mommy A," aniya rito.

"Sino `to?" mataray nitong tanong.

"Mommy, this is Sheena Cuervo. Can we meet po?"

"O, Sheena, ikaw pala. Pasensiya ka na kasi nagpalit ako ng phone kaya hindi na naiwan dito ang lahat ng numbers. Alam mo na, tumatanda na ako." Tumawa ito. "Sure, we can meet. Free ako mamaya. Magkita tayo." Binanggit nito ang pangalan ng isang country club.

Nagpalasalamat siya sa matanda at sinabing darating doon. She got herself ready. Pilit niyang sinabi sa sarili na walang masama sa gagawin niya. Wala naman siyang pagpipiliang gawin kundi iyon. Kung tutuusin din, ano ba ang magiging masama sa ganoong trabaho? Sure, it was not ideal but who were they to judge her? Kung ang mga ito ang papipiliin kung gagawin iyon, o maging babae ng isang politikong dahilan ng kanyang pagbagsak, o ang makulong dahil sa utang, hindi ba at gagawin din naman ng iba ang gagawin niya?

Sheena was hoping the money would be enough, but she was worried about that, too. Paano kung hindi makasapat sa bayarin? Ah, saka na niya iisipin. Sa ngayon, kailangan niyang makausap si Mommy A para malaman na kung ano ang magandang gawin, kung ano ang susunod niyang hakbang.

Maaga siyang dumating sa usapan. Sa isang exclusive country club sa Makati iyon. Nakapuwesto na sa isang mesa si Mommy A. May na-order na rin ito. Mukhang kanina pa ang babae.

"Hello, Mommy A. Am I late?" tanong niya.

"No, of course not. Nandito lang ang mga apo ko kaya inagahan ko na rin. Sit down, sit down."

Sheena had to wonder if her riches came from being a high-class pimp. Pero bukod doon ay kilala ring nakapangasawa ng mayamang foreigner ang anak nito. Balitang ito mismo ang nag-alok ng sariling anak sa foreigner na iyon. But look at her life now.

She was very rich. But at the expense of her own child.

Pero wala na siyang pakialam anuman ang buhay na pinili ng matanda. Kailangan niya ang serbisyo nito bilang "manager" sa mga trabahong hindi kayang ibigay sa kanya ng kanyang sariling manager.

"`Wag na tayong magpaligoy-ligoy, ano, Sheena? Nahuhulaan ko naman kung ano ang dahilan kung bakit gusto mo akong makausap. May buyer ako. Name your price."

Nabigla siya roon. "Po?"

"Kaibigan ko. Baka kilala mo rin. Si Gov. Benjamin."

Dama niya ang pamumutla. She immediately realized what she did wrong—she didn't think ahead. Hindi rin niya naisip na iaalok agad siya at kay Benjamin pa mismo. How did she even know?

Parang nabasa ng matandang babae ang isip niya. "Noon pa nabanggit sa akin ni Gov na type ka niya. Name your price, hija. Kilala ko si Gov, mahusay magbayad `yon."

Natulala siya at binaha ng kaba. When she found her voice, she said, "I'm sorry, Mommy A, hindi po `yan ang sadya ko sa inyo," bigla niyang kaila. "I'm sorry po."

May naramdaman siyang kamay sa kanyang balikat. "Sit down, Sheena."

Gumapang ang kilabot sa kanyang katawan. It was Benjamin's voice. Tumabi sa kanya ang lalaki. She did not know what to do. Nang mag-angat siya ng tingin ay natigilan siya. A few steps away from them was Javier. He was looking at her. Kulang na lang ay sabihin niya rito, *"Help me."* Of course, she couldn't say it.

But the man understood. He walked toward them, looked Benjamin straight in the eye and said, "You wouldn't mind if I talk to Sheena now, would you, Governor? Come, my dear."

***Available:***

E-book and Paperback Direct
Paperback Shopee

# Whimsical E-book Menu

## ROSE TAN TITLES

| | |
|---|---|
| Skip 1: Hot and Bothered | P500 |
| Skip 2: Fast and Curious | P500 |
| Skip 3: Dazed and Confused | P500 |
| Dead Over Heels | P500 |
| Caught Dead-Handed | P200 |

## VANESSA TITLES

| | |
|---|---|
| His Body | P500 |
| His Mind | P500 |
| His Heart | P500 |
| His Soul | P500 |
| Her Love | P200 |

Available on our Facebook.

# Thank you

for supporting your local indie writers.

All sales go directly to the writers, which means that illegal distribution of the e-books will affect the writers directly as well.

For inquiries and suggestions, kindly message us on Facebook or email us at *whimsicalbooksph@gmail.com*